# BANTAYAN

# ANG

# KATOTOHANAN

Sinulat

ni

JOHN W. RITENBAUGH




Pabalat: Corbis Images
Ang mga kasulatang banal na binabanggit dito
ay salin mula
sa *New King James Version.* 1979, 1980, 1982
ng Thomas Nelson, Inc., Publishers

**Hindi dapat ipagbili**. **Nalimbag bilang libreng**
pang-edukasyong paglilingkod sa kapakanan ng publiko
ng Iglesya ng Dakilang DIYOS.

© 1992, Church of the Great God
Pangalawang Pagkalimbag,
Disyembre 1996
All Rights Reserved
Printed in the U.S.A.

# Ano ang IGLESYA?

>>Paano ang DIYOS nagpapakahulugan sa Iglesya? Anong bumubuo dito ayon sa Bibliya? Dapat bang may isa lamang na organisasyon bawat panahon?
>>Marahil pinakamabuting lugal upang simulan ang pagsagot sa mga tanong na ito ay ang pagtunton sa pinagmulan ng salitang Ingles na "*church*" mismo [na isinaling iglesya sa Filipino], at kapagkuwa'y tingnan kung paano ito ginagamit sa konteksto. Maraming nakapag-akala na ito'y nanggaling sa salitang Griyegong *ekklesia*, ngunit ito'y di-totoo. Ang salitang Ingles na "*church*" ay buhat sa Lumang Ingles na salitang "*cirice*" na kawangki ng Luma't Mataas na Alemanyang salita na "*kirihha*". Kapwa ang mga salitang ito nanggaling sa Huling Griyegong salita, *kuriakon*, na galing naman sa Griyegong *kuriakos*, paangking porma ng salitang *kurios*, ang katawagan para sa "panginoon'. Ang *kuriakos* kung ganoon ay simple't nangangahulugang "sa panginoon", nagpapakita ng pag-angkin, o "pag-aari ng panginoon" (salin sa Filipino mula sa Ingles na *Webster's Ninth New Collegiate Dictionary, 1985, p. 240*). Ito'y pwedeng magpakahulugan sa anumang pag-aari ng PANGINOON.
>>Ang mga apostol, nang sila'y nagsulat ng mga aklat ng Bagong Tipan, ay maaaring makagamit ng *kuriakos*, ngunit ito'y lumitaw lang na dalawang beses sa Bibliya: sa I Corinto 11:20 (sa PANGINOONG hapunan) at sa Rebelasyon 1:10 (sa PANGINOONG araw). Hindi alinman sa pagkakagamit na mga ito ang nagtataglay ng anumang patungkol sa "*church*". Sa halip, ang mga apostol ay gumamit ng salitang *ekklesia* nang 112 beses. Ang *Ekklesia* ay hindi nangangahulugang "pag-aari ng panginoon", bagama't yun ay naipapahiwatig. Ang mga apostol ay gumamit ng *ekklesia* dahil sila 'y may higit na ispesipikong kahulugang nasa isip.
>>Ang salitang "*church*" para sa taong ang salita'y Ingles ay isang pumapaibabaw na panglahatang katawagan, may kasamang tiyak na espiritwal na mga pakahulugan. Isang partikular na kalidad ang palaging likas sa paggamit ng salitang *church* dahil ito'y nangangahulugang "sa PANGINOON". Ang *church* ay sa PANGINOON. Ngunit ang *ekklesia* ay naiiba.

"Kung ikukumpara sa ibang mga katawagan, ang *ekklesia* ay may pagka-*neutral* at walang kulay, nagpapaabot ng bahagya lamang na pang-*theological* na kahulugan. Ito'y bukas na magagamit nang walang basal na pagpapalit ng kahulugan, ng mga di-naniniwala at ng mga naniniwala" (Salin mula sa Ingles na *Interpreter's Dictionary of the Bible, vol. I, p. 607*).

>>Ang mga *Bible dictionaries, lexicons* at *commentaries* ay sumasang-ayon na ang *ekklesia* ay nangangahulugang "tinawag palabas o *called out*", at pangkalahata'y nagpapahiwatig sa pagtitipun-tipon o asembliya ng mga tao. Ito'y walang pangkalidad na implikasyon sa anuman, kahit karnal o espiritwal. Ang kontekstong kinalalagyan ang palaging dapat magbigay ng ispesipikong kapaliwanagan kung bakit ang isa'y tinawag palabas o pinapakipagtipon.
>>Muli't galing sa *Interpreter's Dictionary*: "Ang *Ekklesia* ay pangunahing ginamit upang italaga ang partikular na pangkomunidad na realidad, hindi upang ilarawan ang pangkalidad nitong mga aspeto" (*ibid*.). Ang *Ekklesia* ay naglalarawan ng anumang maaaring nangyayari sa loob ng komunidad na nangangailangan ng pagtitipun-tipon. Ang pagtitipun-tipong ito'y maaaring pang-sosyal, panggobyerno, o pang-relihiyon. Ito'y maaaring *legal* o *illegal*.

**Gulo sa Ephesus!**

>>Nang ang apostol Pablo'y unang mangaral sa Epeso, ang kanyang mensahe'y pinagmulan ng pagkagambala ng mga tao. Sa Mga Gawa 19:26 sila'y nag-akusang siya'y nagsasabing "ang mga iyon ay hindi mga diyos na ginawa ng mga kamay", na nagpapukaw sa galit ng mga

lokal na manggagawa ng idolo [rebulto, atbp..]. Kanilang ikina-inis ang kay Pablong sinabi dahil ang kanyang pangangaral ay nakakapagpakonti sa kanilang mga kinikita. Natural, sila'y sumagot sa pamamagitan ng sigawang laban sa apostol at sa mga kasama nito. Kanilang pinuno ang mga lansangan ng gulo!

"At nang kanilang narinig ang ganito, sila'y napuno ng pagkapoot at naghiyawan, nagsasabing, 'Dakila si Diana ng mga taga-Epeso!' Kaya ang buong siyudad ay napuno ng kalituhan, at humangos sa tanghalan nang may pagkakaisa, matapos sunggaban sina Gaius at Aristarchus, mga taga-Macedonia, kay Pablong mga kamanlalakbay…. Ang pagtitipon o asembliya [*ekklesia*] ay lito, at karamihan sa kanila'y di-nakakaalam kung bakit sila nagsidating na magkakasama" (berso 28-29, 32).

>>Kanilang alam na sila'y natawag na magtipun-tipon, ngunit hindi nila nauunawaan ang kadahilanan ng kanilang pagkatawag.

"At nang ang pangsiyudad na kawani'y mapatahimik na ang kumpulan ng mga tao, kanyang sinabi:… 'kung kayo'y may iba pang pagtatanong na gagawin, yun ay dapat pagpasyahan nang naisabatas na asembliya [*ekklesia*]'" (berso 35, 39). Kanyang pinaalalahanan ang mga tao na ang legal na asembliya o pagtitipun-tipon ay pwedeng ayusin. "Sapagkat tayo'y nanganganib maipatawag at matanong dahil sa gulo ngayon, na wala namang dahilan tayong maibibigay upang ipaliwanag ang ganitong hindi maayos na pagtitipon" (berso 40). Hanggang sa puntong ito ang asembliya, ang *ekklesia*, ay litong kumpulan ng mga tao, napukaw sa galit laban sa apostol Pablo. "At nang kanyang masabi ang ganitong mga bagay, kanyang pinaalis na ang asembliya [ekklesia]."

>>Ang mga bersong ito'y nagpapakitang napakalinaw na ang *ekklesia* sa sarili lamang nito ay nangangailangan ng pangkalidad na mga panturing. Ito'y pwedeng tumukoy sa pagtitipon, kahit karnal man o espiritwal. Ang konteksto ang dapat magbigay-kahulugan sa gamit nito

>>Ang *Ekklesia*, samakatuwid, ay higit na nakaka-agpang (*flexible*) kesa sa Ingles na salitang "*church*", nalalampasan o nahihigitan ang makipot nitong mga hangganan. Ang *Ekklesia* ay hindi nahahangganan, gaya sa makikita, ng lahi, wika, siyudad o lungsod, estado, o pambansang mga hangganan; pang-korporasyong mga batas, espasyo o panahon. Ang DIYOS ay maaaring nagbigay-inspirasyon sa mga manunulat [ng Bibliya] na gamitin itong mag-isa upang maipahiwatig ang kahigitan ng KANYANG pagtatawag palabas. Sa pagtunton ditong pabalik sa pinagmulan at pagdadala ditong papunta sa kasalukuyan, maipapakita ang ganitong katunayan nang malinaw.

## Klasiko-Griyegong Paggamit

>>Ang mga ugat ng salita'y bumabalik sa siyudad ng Atenas noong klasiko nitong kapanahunan, na bumagtas nang pahapyaw mula noong 550 hanggang 350 *B.C*. Sa loob ng siyudad-na-estado ang *ekklesia* ay binubuo ng lahat ng mga mamamayang nakapagtaglay ng kanilang mga karapatang sibil. Ang sa *ekklesia*ng mga kapangyarihan ay halos di-nalilimitahan. Ito'y naghahalal at nagtatanggal ng mga mahistrado at nagtatakda ng mga panuntunan ng siyudad. Ito'y nagdedeklara ng digmaan, at nakikipag-ayos ng kapayapaan. Ito'y nakikipagtawara't pinagtitibay ang mga kasunduan at nag-aareglo ng mga alyansa. Ito'y pumipili ng mga heneral, nagtatalaga ng mga tropa't sundalo sa iba't ibang mga kampanya, naglilikom ng kailangang salapi at nagpapadala sa mga tropang iyon mula siyudad papunta sa [ibang] siyudad. Ito'y asembliya na ang lahat ng mga miyembro ay may magkakapantay na karapatan at tungkulin. Nang ang Romanong Imperyo ay umangat at humalili sa mga Griyego, ang mga Romano'y pinagtibay ang katawagang ito [*ekklesia*] sa Latin.

>>Ang konseptong nagpapakita ng kaibhan ng sa Bibliyang paggamit mula sa klasiko-Griyegong paggamit ay ang diin na ito'y sa DIYOS na asembliya. Ang *Ekklesia*, samakatuwid, ang ibig sabihin ay sa DIYOS na mga tao, tinawag na magkakasama ng DIYOS upang makinig at kumilos para sa DIYOS. Ang diin ay sa pagkilos ng DIYOS, na may pwersa ng pagpapatawag (tulad ng nagmumula sa isang hukom). Ang pambibliyang *ekklesia*, ang Iglesya, ay isang grupo ng mga tao, hindi

nagtitipun-tipon dahil ginusto nilang magsama-sama, bagkus ay nagtitipun-tipon sapagkat ang DIYOS ay tinawag sila papunta sa KANYA --- hindi nagtitipun-tipon upang magbahagi ng kanilang mga kaisipan at haka-haka, bagkus ay upang makinig sa tinig [sinasabi o sasabihin] ng DIYOS.

>>Si Pablo'y nagsabi sa mga ministro sa Epeso (*Ephesian elders*) sa Mga Gawa 20:28: "Samakatuwid ay magsitalima kayo at ang lahat ng kawan, na kasama kayong ginawa ng Banal na Espiritu bilang mga tagapangasiwa, na pastulin ang Iglesya ng DIYOS na KANYANG binili ng KANYANG sariling dugo." Dito ang *ekklesia* ay nakikilala bilang pag-aari ng ISANG SIYANG tumawag dito. Ito'y nagpapatunay sa likas ng *ekklesia* bilang lipunan o komunidad. Ito'y nasa pagmamay-ari NIYA sapagkat SIYA ang tumawag upang malikha ito, nananahan dito, naghahari dito at nagsasakatuparan ng KANYANG layunin sa loob nito at sa pamamagitan nito.

## Pambibliyang mga Halimbawa

>>Nang si HESUS ay nagsabi, "Aking itatatag ang AKING Iglesya" (Mateo 16:18), SIYA ay hindi naglalarawan ng *church* sa normal ditong paggamit sa Ingles, bilang organisasyong may mga gusali, upisina, serbisyong pagsamba at mga gawain. SIYA ay nagpapahiwatig ng samahan ng mga nananampalataya. Ang sa DIYOS na *ekklesia* ay hindi *church* sa pang-denominasyong (*denominational* ) pagkaunawa, bagkus ay ang pagsasama-sama ng <u>lahat</u> ng nananalig kay HESUKRISTO, hindi ipinapakilalang kasama ng anumang partikular na grupong mga tao ang nagtatatag, bagkus ay yumayakap sa <u>lahat</u> ng may pambibliyang kwalipikasyon. Kaya kung kailan ang sa Bibliyang mga manunulat ay gumagamit ng *ekklesia* sa kontekstong isinasali ang DIYOS at ang KANYANG mga tao, sila'y naglalapit ng pansin sa kahigitan ng layuning para doo'y sa DIYOS silang tinatawag na lumabas.

>>Sa karamihan ng mga eskripto ang *ekklesia* ay kabuuan ng sa DIYOS na mga tao, na ang kongregasyon, denominasyon o korporatibang grupo ay bumubuo lamang ng bahagi. Alalahanin ang sa klasiko-Griyegong paggamit: ang *ekklesia* ay sumasaklaw sa <u>lahat</u> ng mga mamamayan ng Atenas. Ang panghukbong kaagapay na gamit ay pwedeng makatulong para ilarawan ang puntong ito. Ang *division* ay bahagi ng hukbo. Ang hukbo ay may ilang *division*. Kaya ang *division* ay elemento ng malawakang hukbo, at ang hukbo ay bahagi rin ng isang higit na malawak, ng bansa. Ang *Ekklesia*, sa ganitong analogo, ay ang bansa. Sa Bibliya ito ay madalas na ginagamit nang ganito ang pakahulugan.

>>Ang Mga Gawa 11:26 ay nagpapakita sa *ekklesia* sa iba pa nitong mga pagkakagamit. "At nang si [Barnabas] ay matagpuan si [Pablo], kanyang dinala siya sa Antiokia. Kaya sa isang buong taon sila'y nakipagtipun-tipong kasama ng Iglesya at nagturo sa napakaraming mga tao." Yun ay okasyon nang ang isang ispesipikong kongregasyon ay nagsasama-sama upang pakinggan ang isang mensahe, manalangin o magmuni-muni, o talakayin ang isang bagay na lumitaw sa loob ng kongregasyon. Ito rin ang pakahulugan sa Roma 16:3, kung saan ang Iglesya'y nagmimiting sa isang bahay.

>>Pansinin ang pangalawa at napaka-interesanteng paggamit na matatagpuan sa Roma 16:1, 4. "Aking ihinahabilin sa inyo si Phoebe na ating kapatid, na lingkod ng Iglesya sa Cenchrea… [sina Priscilla at Aquila] ay isinapanganib ang kanilang mga leeg para sa aking buhay, kung kanino hindi lamang ako ang nagpapasalamat, bagkus pati na ang lahat ng mga Iglesya ng mga Hentil."

>>Ang mga bersong ito'y tumutukoy sa komunidad ng mga nananampalatayang nagkakasama mula sa ispesipikong purok. Ang purok ay pwedeng ispesipikong sambahayan, siyudad, probinsiya, bansa, lahi (ang mga Hentil), o kultura. Ang pinaka-pagkakaiba sa ganitong paggamit ay iyung ang mga tao'y *ekklesia* kahit sila ay magkakasama o hindi. Ang Iglesya sa Cenchrea ay *ekklesia* kahit sila'y nagdaraos ng serbisyo-pagsamba o nakakalat sa buong purok na pinagkakakilanlan ng siyudad. Itong prinsipyong ito'y nagpapakita rin na kahit isa lang ang tao sa Iglesya ng DIYOS, mananatili siyang *ekklesia*. Dito'y ipinapakita pa na ito [ang *ekklesia*] ay hindi napipigil ng karaniwa't pantaong kumbensiyon, gaya ng hinihingi ng sa Ingles na salitang "*church*".

## Ang Pampanahong Elemento

>>Ang pampanahong elementong pinapalibutan ng *ekklesia* ay pangunahing kailangan din. Si Pablo'y bumanggit sa nakaraan nito sa Epeso 3:9-11. Siya'y nagsabing ang DIYOS ay pinili siya

"upang magawa na lahat ng tao'y makakita kung ano ang samahan ng misteryo, na buhat sa simula ng mga kapanahunan ay natatago sa DIYOS na lumikha sa lahat ng mga bagay sa pamamagitan ni HESUKRISTO; tungo sa hangarin na ngayon ang maraming kaalaman ng DIYOS ay maipabatid ng Iglesya sa mga pangunahi't makapangyarihan (*principalities and powers*) sa kalangitang mga pook, ayon sa walang hanggang layunin na KANYANG isinakatuparan kay KRISTO HESUS nating PANGINOON".

>>Ang *ekklesia*, tinawag ditong "samahan ng misteryo", at sa ibang mga salin ay "ang pamamahagi o dispensasyon ng misteryo", ay buhay na sa simula pa ng mga kapanahunan, bagama't natatago sa kaisipan ng DIYOS. Mula sa Paglikha, sa pinakahuli na, KANYANG nilayon na magkakaroon ng grupo ng mga tinawag-palabas upang gawin ang KANYANG nais.
>>Ngayon'y tingnan ang Epeso 1:3-5:

"Pagpalain ang DIYOS at AMA ng ating PANGINOONG HESUKRISTO, na SIYANG nagpala sa atin ng bawat espirituwal na pagpapala sa kalangitang mga pook kay KRISTO, gaya ng KANYANG pagkapili sa atin sa KANYA bago pa ang pagkakatatag ng daigdig, na tayo ay maging banal at walang ikasisisi sa harapan NIYA sa pag-ibig, naitalaga tayong maging mga anak NIYA kay HESUKRISTO, ayon sa mabuting kaluguran ng KANYANG nais…."

>>Noong nakaraan ang Iglesya'y naipaliwanag ang nasasaad na ito na nangangahulugang DIYOS ang nagplanong tumawag ng grupo ng mga tao upang dalhin sila sa espirituwal na kaganapan at gawin ang KANYANG gawain. Higit pa roon, ang Iglesya'y nabuhay na kolektiba sa KANYANG kaisipan at plano mula pa sa simula.
>>Ang Rebelasyon 1:20 ay nagpapakita ng *ekklesia* buhat nang ang Iglesya'y itatag noong *A.D.* 31. "Ang misteryo ng pitong bituin na iyong nakita sa AKING kanang kamay, at ang pitong gintong mga lampara: Ang pitong bituin ay ang mga anghel ng pitong Iglesya [*ekklesia*] at ang pitong lamparang iyong nakita ay ang pitong Iglesya." Itong pitong Iglesya'y sumasakop sa panahong mula kay KRISTO at sa unang siglong Iglesya hanggang sa KANYANG pagbabalik.
>>Ang Hebreo 12:22-23 ay naglalarawan ng sa *ekklesia*ng hinaharap. "Bagkus ikaw ay dumating sa Bundok Zion at sa siyudad ng buhay na DIYOS, sa kalangitang Herusalem, sa di-mabilang na kumpanya ng mga anghel, sa pangkalahatang asembliya at Iglesya [*ekklesia*] ng panganay na siyang naka-rehistro sa langit, sa DIYOS na Hukom ng lahat, sa espiritu ng mga taong nagawang perpekto." Ang kanilang pagbabago'y hindi pa nangyayari (I Corinto 15:49-54), ngunit sila'y bahagi na ng asembliya ng panganay --- alalaumbaga'y, doon sa DIYOS na kaisipan.
>>Itong tatlong eskripto'y magkakasamang nagpapakita na ang *ekklesia* ay lumalampas sa mga hangganan hindi lamang ng espasyo't kalawakan (umaabot pati na sa kalangitang siyudad, malayo't sa kabila pa ng paligid ng daigdig), bagkus pati na ng panahon! Ito'y lumulukob sa lahat ng panahon mula sa pinakamaagang plano ng DIYOS hanggang sa muling pagkabuhay!
>>Ito'y hindi lamang binubuo nang mga buhay ngayon, bagkus ay kasali lahat ng naging bahagi ng *ekklesia*, simula sa panahon ng sa DIYOS na naiisip bago pa sa pagtatatag ng mundo. Kaya buhat sa makatuwirang si Abel, sa *ekklesia* ay kasali kahit sinong nakumberte, nagtaglay ng KANYANG Espiritu, hanggang sa muling pagkabuhay kung kailan ang mga panganay ay isisilang sa Pamilya ng DIYOS.
>>Sa paglalagay na simple, ang *ekklesia* ay kinabibilangan ng lahat na naroon sa unang pagkamulingbuhay. Ito'y kinabibilangan ng lahat na mga tao ng DIYOS na siya NIYANG kinalap mula sa mga bansa upang gawin ang mapanligtas na gawain ni KRISTO at upang lumahok sa Kaharian ng DIYOS na KANYANG pinasinayaan. Ang mga miyembro ng *ekklesia*

ay mga tagapagtanggap at mga daluyan ng sa DIYOS na kaluwalhatian at siyang mga tagapagmana ng mga pangako.

## Pagkakaiba ng mga Kasunduan

>>Ang pahayag na ginawa ni Juan Bautista ay nagpapaliwanag ng malaking pagkakaiba sa pagitan ng Lumang Kasunduan at ng Bagong Kasunduan. Nang nagsasalita sa panrelihiyong mga pinuno noong kanyang araw, siya'y nagsabi. "At huwag mag-isip na sabihin sa inyong mga sarili, 'Amin si Abraham bilang ama namin.' Sapagkat aking sinasabi sa inyo na ang DIYOS ay kayang makapagbangon ng mga anak kay Abraham buhat sa mga bato" (Mateo 3:9).

>>Ang Lumang Kasundua'y limitado sa pampulitikang grupong tinawag na Mga Anak ng Israel. Kakaunting mga Hentil ang nakapasok doon. Yung mga naging bahagi ng pampulitikang grupo ng Israel ay binubuo ng mga nakipagkasundo sa DIYOS, at nagresulta sa pagtira ng DIYOS na kasama sila. Ang mga Israelita ay may pakiramdam na sila'y ipinanganak sa ganitong relasyon sa DIYOS.

>>Ngunit sa pagdating ng Bagong Kasunduan, ang pagkakapanganak sa ganitong relasyon ay tahasang inalis. Ang mga tinawag palabas, ang *ekklesia*, ay nananatiling nakikipagkasundo sa DIYOS, subalit ang batayan ay hindi na pambansa o lahian. Sa ilalim ng Bagong Kasunduan ang espirituwal na mga katunayan ng pagsisisi, pananampalataya kay HESUKRISTO, pagtanggap ng Banal na Espiritu ng DIYOS, at pagsunod sa DIYOS sa pamamagitan ng Espiritu ang nagiging pangunahing mga puntong pinagtutuunan.

>>Ngayon ay resulta na ang DIYOS ay hndi lamang kasama ng mga taong gumawa ng pakikipagkasundo, bagkus ay nasa kanila! Sila ngayon ay naitalaga bilang Israel ng DIYOS (Galacia 6:16). Ang DIYOS ngayon ay kumikilala ng dalawang magkaibang mga Israel. Muli, ito'y nagpapakita na ang *ekklesia* ay nahahangganan lamang ng mga limitasyong DIYOS ang naglatag, at hindi kahit ng mga hangganang inilatag sa ilalim ng Lumang Kasunduan.

## Sa Iglesyang Kasaysayan

>>Simula sa Bibliyang isinusulit at gumagalaw sa mga dantaon hanggang sa ngayon, ang talaa'y nagpapakita na sa malaking bahagi ng kasaysayan, ang *ekklesia* ng DIYOS ay kumilos bilang maluwag na asosasyon ng independyenteng mga kongregasyon. Ang *ekklesia* ay lubhang organisado kung minsan, laluna noong *Ephesian Era* (*c. A.D.* 31-100). Ganunpaman, yung sa unang dantaong mga Kristiyano ay walang telepono, walang telebisyon, walang telegrama, walang radyo, walang pang-eroplanong paglalakbay (*jet travel*), walang mga tren o *automobiles* --- wala silang anuman para sa mabilis na paglalakbay at pakikipagtalastasan. Ang mga apostol, umaalis sa Herusalem matapos tangapin ang kanilang komisyon, ay personal na nagpakalat ng Salita sa buong mundo [nilang naaabot at nalalaman], kumikilos nang may napakakaunting ugnayan sa isa't isa. Ang kanilang pagsasamahan ay kay KRISTONG nasa langit sa pamamagitan ng Espiritu.

>>Kung panahon at karanasan ang simulang nagpakita ng mga pagkakaiba ng dating at doktrina, gaya ng inilalarawan sa Mga Gawa 15, sila paminsan-minsa'y nagtitipon sa pagtatangkang pag-isahin ang kanilang dating. Subalit matapos ang kanilang mga pagpupulong, sila'y bumabalik sa kani-kanilang mga lugal ng pagkilos at nagpapatuloy nang malaya sa isa't isa, nananampalataya, nagtitiwalang DIYOS sa pamamagitan ni HESUKRISTO ang magpapanatili sa kanilang nasa [wastong] daanan.

>>Noong ikadalawampung siglo, ang DIYOS ay tinawag si G. Herbert W. Armstrong papunta sa totoong Iglesya, na kilala sa pangalang *Church of God, Seventh Day*. Ang Iglesyang ito'y may tatlo, nagkakaiba't independyenteng mga kapulungan o *conferences*. Si G. Armstrong ay nakipagtrabaho nang higit sa lahat sa *Oregon Conference of the Church of God, Seventh Day* (*Autobiography of Herbert W. Armstrong, vol.* I, *pp.* 409-411, 414, 427). Kanyang madalas na sinasabi sa kanyang mga artikulo at sa kanyang Talambuhay (*Autobiography*) na yung ibang kapulungan ng *Church of God* ay may punong tanggapan sa Stanberry, Missouri (*Autobiography, pp*. 314, 409). Ang ikatlong kapulungan ay kumikilos buhat sa Salem, West Virginia (*Autobiography, pp*. 557). Isa lamang

ba sa kanila ang totoong Iglesya? Bagama't sila ay may ibang Lupon ng mga Tagapagpatupad (*Board of* Directors) at kumikilos nang independyente, silang lahat ay nagpapanatili ng pare-parehong basal na mga doktrina.
>>Nang si G. Armstrong ay lumabas sa *Church of God, Seventh Day*, nagpasimula ng bagong kapanahunan (*era*) ng totoong Iglesya na may ibang pang-organisasyong porma, ang DIYOS ay pinagpala siya at ang Gawain. Nagkaroong malinaw ng dalawang magkaiba, magkasabay na mga organisasyon, bawat isa'y may ibang pang-organisasyong porma at wari'y magkaibang mga *bylaws*. Subalit kapwa sila may halos parehong doktrina, at kapwa sila Iglesya ng DIYOS.

## Ang Katawan ni KRISTO

>>Hindi ba't ang Iglesya ay kay KRISTONG Katawan? Maaari ba na ang Iglesya'y nasa iba't ibang mga organisasyon?
>>Ang sagot ay matatagpuan sa Epeso 1:22-23. "At KANYANG inilagay ang lahat ng mga bagay sa ilalim ng KANYANG mga paa, at ibinigay SIYA upang maging pangulong pumapaibabaw sa lahat ng mga bagay sa Iglesya [*ekklesia*], na KANYANG katawan, ang kapunuan NIYANG pumupuno sa lahat ng nasa lahat."
>>Sa kanyang pagtalakay sa mga bersong ito sa Pandaigdig na mga Pag-aaral Mula sa Griyegong Bagong Tipan (*World Studies From the Greek New Testament*), si Kenneth S. Wuest ay sumusulat, "Ang Iglesya [*ekklesia*] ay inilalarawan bilang 'yung KANYANG katawan' (*that which is HIS body*). Ang salitang '*which*' ('yung' sa salin dito sa Filipino) ay *hetis* (sa Griyego) '*which is of such a nature as*' (yung ang pagkalikas ay bilang) at may pangkalidad na pagkalikas ang ganoon. Ang pagkalikas ng *ekklesia* sa kontekstong ito ay natatamo mula sa asosasyon nito sa [kanyang] pangulo, si HESUKRISTO.

Tungkol sa salitang "katawan" (*body*) o *soma* (sa Griyego), ang *Expositor* ay nagsasabing: "Ang salitang *soma*, na dumadaan kaagad mula sa literal nitong kahulugan [ang sa taong katawan] papunta sa mapaglarawang pakahulugan ng isang lipunan, kabilangan ng mga taong bumubuo sa sosyal o *ethical* na union…. ay madalas nailalapat sa Bagong Tipang mga liham sa Iglesya,… bilang mistikang katawan ni KRISTO, ang samahan ng mga nananalig na itinuturing na organikong (nabubuhay) espirituwal na pagkakaisa sa isang nabubuhay na relasyon o kaugnayan kay KRISTO, sakop NIYA, pinasisigla NIYA, at mayroong kapangyarihan NIYANG nagpapakilos doon. Ang relasyon sa pagitan ni KRISTO at ng Iglesya, samakatuwid, ay hindi panlabas na relasyon…." (*vol. I, "Ephesians and Colossians," p. 56*, nilagyang diin natin)

>>Sa ibang salita, hindi ito nahahangganan ng pantaong kumbensyon. Ito'y hindi nahahangganan ng pang-korporasyong mga batas na mga tao ang nagtatatag, dahil si KRISTO ay nasa *ekklesia* saan man ang mga miyembro nito naroroon.
>>Pagpapatuloy pa mula kay Wuest:

Ang relasyon sa pagitan ni KRISTO at ng Iglesya, samakatuwid, ay hindi panlabas na relasyon, o isang simpleng pang sa Nakakahigit at nahihigitan (*simply of Superior and inferior*), Nakakasakop at nasasakupan, bagkus isang pambuhay at pang-ingkorporasyon [sa loob NIYA]. Ang Iglesya ay hindi lang basta isang institusyong pinangunguluhan NIYA bilang Presidente, isang Kahariang SIYA ang Supremong Awtoridad, o isang malawak na kumpanya ng mga tao na nasa moral na pakikipagsimpatya sa KANYA, kundi isang Lipunang nasa pambuhay na koneksyon sa KANYA, na may pinanggagalingan ng buhay nito sa KANYA, pinananatiling buhay at binibigyang direksyon sa pamamagitan ng KANYANG kapangyarihan, ang instrumento o gamit ding sa pamamagitan nito SIYA ay gumagawa. (*ibid. pp.* 56-57)

Ito ang pagkakagamit ng *ekklesia* sa Bagong Tipan. Ito'y mistikang katawan na walang panlabas na mga relasyon. Ito'y mga bagay na panloob; ito'y mga bagay na nasa isipan; ito'y mga bagay na pang-espiritu. Ito ay hindi nahahangganan ng lahi, ng wika, ng siyudad o estado o kabansaan (nasyonalidad). Ito'y hindi napipigil dito sa mundo o sa panahon.
>>Ang salitang "*mystical*" o mistika ay nangangahulugang "may isang espirituwal na

kahulugan o katunayan na hindi naarok ng mga pandama [isang panlabas na relasyon, naarok ng mga mata, mga tenga, ilong, pagdiit] o halata sa pagka-matalino; kasali o may pagkalikas ng sa indibidwal na tuwira't panariling pakikipag-niigan sa DIYOS" (salin mula sa *Webster's Ninth Collegiate Dictionary*, 1985, *p.* 785). Ang Iglesya, ang *ekklesia*, ay binubuo ng mga natawag-palabas ng DIYOS, ipinatawag NIYA, upang tumanggap ng KANYANG Espiritu at magkaroon ng tuwirang pakikipag-niigan sa KANYA.
>>Si Pablo'y may ginagawang katulad na pagsasaad [tungkol] sa Epeso 1:22-23 sa I Corinto 12:12-13.

"Sapagkat gaya ng ang katawa'y isa at may maraming miyembro, subalit lahat ng mga miyembro ng isang katawang iyon, bagama't marami, ay isang katawan, kaya ganoon din si KRISTO. Sapagkat sa pamamagitan ng isang Espiritu tayong lahat ay nabinyagang papasok sa isang katawan --- kahit mga Hudyo o mga Griyego [nalalampasan ang pambansang mga hangganan], kahit mga alipin o malaya [nalalampasan ang pang-kultural o sosyal na katayuan] --- at pawang nagawang mapainom papasok sa isang Espiritu."

>>Ang ekklesia ay hindi isang pantao't naipapakilalang korporasyon, bagkus ay ang mistikang katawan ni KRISTO, mayroong Espiritu ng DIYOS.
>>Sa pagbibinyag na seremonya, ang ministro ay nagsasabing, "Aking binibinyagan ka, hindi papasok sa anumang organisasyon o denominasyon ng mga tao, bagkus ay papasok sa pangalan ng AMA, ng ANAK at ng Banal na Espiritu" --- papasok sa Pamilya ng DIYOS! Ang sa DIYOS na Pamilya ay espirituwal na pamilya, may isang espirituwal na union. Tayo ay nabibigkis na magkakasama sa pamamagitan ng Banal na Espiritu ng DIYOS.

## Hindi Mga Nagkakautang sa Laman

>>Si Pablo'y nagsusulat sa Roma 8:10-17:

"At kung si KRISTO'y nasa inyo, ang katawan ay patay dahil sa kasalanan, subalit ang Espiritu ay buhay dahil sa pagiging makatuwiran. Ngunit kung ang Espiritu NIYANG bumuhay na muli kay HESUS buhat sa kamatayan ay nananahanan sa inyo, SIYANG bumuhay na muli kay KRISTO mula sa kamatayan ay magbibigay ng buhay din sa inyong mortal na mga katawan sa pamamagitan ng KANYANG Espiritung nananahanan sa inyo.

"Samakatuwid, mga kapatid, tayo'y mga nagkakautang --- hindi sa laman [hindi ayon sa panlabas], upang mamuhay nang ayon sa laman. Sapagkat kung kayo ay mamumuhay ayon sa laman kayo'y mamamatay; subalit kung sa pamamagitan ng Espiritu ay inyong pupuksain ang mga gawain ng katawan, kayo'y mabubuhay. Sapagkat sinuman sa marami ang inaakay ng Espiritu ng DIYOS, ang mga ito'y mga anak ng DIYOS [ang *ekklesia*].

"Sapagkat kayo'y hindi tumanggap ng espiritu ng pagka-aliping muli sa pagkatakot, bagkus kayo ay tumanggap ng Espiritu ng pag-ampong sa pamamagitan NIYA tayo'y naka-iiyak, '*Abba*, Ama.' Ang Espiritu mismo ang nakakapagpasaksing kasama ng ating espiritu na tayo ay mga anak ng DIYOS, at kung mga anak, kung ganoo'y mga tagapagmana --- mga tagapagmana ng DIYOS at kahugpong na tagapagmanang kasama ni KRISTO, kung talagang tayo'y nagdurusang kasama NIYA, nang sa gayon tayo din ay mapasaluwalhating magkakasama."

>>Kaya tayo'y mga nagkakautang, hindi doon sa panlabas, [sa laman], bagkus ay sa Espiritu, alalaumbaga ay kay KRISTO. Na dahil dito, sa mga bagay ukol sa pamahalaan o doktrina ang ating responsibilidad ay sa DIYOS.
>>Madalas sa kasaysayan ng Iglesya, kung ang mga matapat ay hindi lumisan sa noon ay dominanteng grupo ng Kristiyano [kunong] mga tao, sila'y nagsibalik na sa mundo! Ang mga tao ng DIYOS palagi ang siyang kundi umaalis ay itinataboy palabas. Sa maraming kaparaanan sila'y naging kahiwalay, kundi sa pamamagitan ng kanilang sariling mga aksyon o di-kaya'y sa pamamagitan ng sa DIYOS (na pagkilos), mula sa umiiral na organisasyon.
>>Ang ganitong proseso'y nagsisimulang napaka-aga sa Bibliya. Si Noah ay umalis sa lipunan at sumakay sa arko. Ang DIYOS ay

tinawag si Abraham palabas ng Ur ng mga Chaldean. Si Lot at ang kanyang pamilya'y umalis sa Sodoma at Gomorrah. Ang higit na makatuwirang mga Judean na pinanatili ang kanilang pagsamba sa DIYOS ay tumiwalag mula sa Israel noong paghahari ng buktot na si Jeroboam I. At sabihin pa, ang DIYOS ay nag-uutos sa KANYANG mga taong lumisan palabas ng Babylonia (Rebelasyon 18:4). Ang Bibliya ay puno ng ganyang mga halimbawa.

## Mga Tanong ng Matapat

>>Ang aklat ni Malakias ay tila naisulat patungkol sa ganoo't kaparehong mga sitwasyon. Si Malakias ay sumulat sa Judea sa pagitan ng pagbabalik mula sa Babylonia at ng kay KRISTONG kapanganakan. Noong panahong iyon ang sa DIYOS na mga tao'y naging mapagwalambahala sa kanilang pagsamba, ngunit may matapat na mangilan-ngilang natitira.
>>'"Ang inyong mga salita'y marahas laban sa AKIN', sabi ng PANGINOON" (Malakias 3:13). Ang DIYOS ay inaakusahan sila na sinisisi SIYA dahil sa nangyayari sa bansa. Sila'y nakakaranas ng may kahirapang mga panahon, gaya rin na ang mga tao ng DIYOS ay madalas nagtitiis sa mahirap na mga panahon. Ito'y mga panahong tayo ay umiiyak sa DIYOS, "Bakit po, DIYOS? Bakit MO po pinababayaang ito ay mangyari? Kailan KA po makikialam?" ngunit SIYA'y tila hindi nakikinig.
>>"Subalit inyong sinasabi, 'Ano ang aming nasabi laban sa IYO?'" (berso 13). Sila'y hindi nakakaramdam na ang kanilang mga pag-aakusa ay laban sa DIYOS, ngunit KANYANG binigyan sila ng halimbawa.

"Inyong sinabi, 'Walang kwentang magsilbi sa DIYOS; anong pakinabang ba't ating pinanatili ang KANYANG mga ordinansa, at tayo ay lumakad na parang mga nagluluksa [naging mapagtika at mapagpakumbaba] sa harapan ng PANGINOON ng mga hukbo? Kaya ngayo'y ating tinatawag ang palalong pinagpala. Sapagkat yung mga gumagawa ng kasamaan ay napapaangat; Oo, yung mga sumusubok sa DIYOS ay lumalaya.'" (Berso 14-15)

>>Ang matapat ay nakakakita na ang ibang mga ito ay hindi napaka-makadiyos. Marahil ay kanilang nakikita na "ang palalo" ay nagkakasala nang hayagan, sinusuway ang mga utos ng DIYOS. Marahil ang palalo ay hindi kailangang magpasakop, [maging o manatiling] matahimik at mahinahong espiritu. Marahil sila'y agresibo at mapamilit, at kanilang minamani-obra ang kanilang mga sarili upang mapamunuan ang grupo. At sila'y tila nakakagawa ng ganoon nang matagumpay!

## Paano ang Matapat Tumutugon

>>Pansinin kung anong ginawa nitong matapat na mga tao para matugunan ang mahirap na mga panahong kanilang tinitiis bilang bahagi ng *ekklesia*. Lahat ng sa DIYOS na matapat na mga tao'y dapat gawin ang ganitong mga bagay:

"Kaya iyong mga natakot sa DIYOS ay nakipag-usap sa isa't isa, at ang PANGINOON ay nakinig at dininig sila; dahil dito'y isang aklat ng pagsasa-alaala ang sinulat sa harapan NIYA para doon sa mga natatakot sa PANGINOON at nagmumuni sa KANYANG pangalan." (berso 16)

1) <u>Sila'y natakot sa DIYOS</u>. Sila'y gumalang at nagpitagan sa KANYA. Sila'y nakatayong may paghanga't pagkasindak sa KANYA. Marami'y maaaring nakadama ng angkop na pagkasindak.

2) <u>Sila'y nag-isip tungkol sa KANYANG pangalan</u>. Sila'y nagmuni tungkol doon. Ang ganoo'y pwedeng nagmumungkahi na kanilang iginalang ang KANYANG pangalan. Sila'y nangusap nang may pagpapahalaga tungkol doon. Silang nagparangal sa KANYA. Sila'y tumingin sa KANYA, bagama't sila'y dumadaing ukol sa pamumuno at pag-akay [sa kanila]. Ang KANYANG pangalan, sabihin pa, ay tumatayo sa lahat ng kung ano SIYA. SIYA ay hindi lang may isang pangalan, SIYA ay maraming pangalan. Ang mga iyon ay nagpapakita, o nag-a-*advertise*, kung SIYA ay ano, ano ang KANYANG gagawin, at ano ang KANYANG kinakailangan [mula sa kanila, sa

atin].

3) Sila'y nakipagniigan sa isa't isa. Walang dudang sila'y nagsabi tungkol sa kanilang mga pagsubok at sa kanilang mga biyaya, tungkol sa mga bagay na nangyayari sa kanilang *ekklesia* noong araw, tungkol sa kanilang mga pag-aaral ukol sa Salita ng DIYOS, tungkol sa kanilang mga plano, tungkol sa kanilang mga inaasam sa Kaharian ng DIYOS. Ang DIYOS ay duminig! Ang DIYOS ay nagmatyag at tumugon, maaring hindi kung kailan nila ginustong SIYA ay tumugon, subalit ang DIYOS ay gumawa't tumugon sa KANYANG panahon, nang ang gayun ay wasto na para sa KANYANG mga layunin.

>>Ganoon din SIYA tutugon sa atin!
>>Kaya ang DIYOS ay gumagawa ng kamangha-manghang pangako doon sa mga natatakot sa KANYA: '"Sila'y magiging AKIN,' sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, 'sa araw na AKING gawin silang AKING mga alahas [espesyal na yaman -- ayon sa *margin* o gilid]. At AKIN silang pakukundanganang kagaya ng sa isang taong pagpapakundangan sa kanyang sariling anak na naglilingkod sa kanya'" (berso 17). Sa Isaias 49:15-16 ang DIYOS ay nagsasabi, "Datapuwa't AKO'y hindi makakalimot sa iyo. Masdan, AKING naisulat ka na sa mga palad ng AKING mga kamay…." SIYA ay nagmamatyag! SIYA ay nakakabatid kung anong nangyayari, at SIYA ay kikilos!

## Ang DIYOS ay Nakikialam!

>>"Kaya inyong babanaaging muli ang makatuwiran at balakyot, ang naglilingkod sa DIYOS at ang isang hindi naglilingkod sa KANYA" (Malakias 3:18). Matapos NIYANG pakundanganan ang sa DIYOS ay natatakot, magiging malinaw kung sino ang talagang bahagi ng KANYANG *ekklesia*. Ang DIYOS ay makikialam sa kapakanan ng KANYANG mga tao!
>>Si KRISTO kaya'y makikialam nang tuwiran upang itama ang KANYANG Iglesya? Karamihan sa mga miyembro'y umaasang SIYA ay gagawa ng ganito. Karamiha'y sumasang-ayon na may problemang umiiral. Sila'y nagkakasundo na ayaw nila ang nangyayari. Subalit kanilang ikinakatuwiran sa pananatili dito ang kanilang pag-aakalang si KRISTO'y makikialam.
>>Kung si KRISTO ay makikialam, bakit kaya SIYA hindi nakialam noong *Ephesian era*? Kung SIYA ay nakialam noon, ang Katoliko at Protestanteng mga iglesya ay hindi na nasimulan pa. Subalit SIYA'y hindi nakialam. Sa halip ang Iglesya sa Epeso ay nagkapira-piraso't naging maliliit na mga grupo ng mga nagnanais na humawak nang mahigpit sa mga doktrinang mga apostol ang nagbigay sa kanila. Ang pangkalahatang grupo'y nagpatuloy hanggang sa mapahalong pabalik sa mundo.
>>Kaya paano ang DIYOS gagawa ng pagkilala sa pagitan ng makatuwiran at ng balakyot (Malakias 3:18)? Anong porma ang KANYANG pakikialam na gagawin?
>>Ang konteksto ng Malakias 3 ay naghihimaton nito, subalit isang mas malinaw na paghula sa panahong ito ang maaaring matagpuan sa aklat ng Rebelasyon.

"Subalit ang babae ay binigyan ng dalawang mga pakpak ng malaking agila, upang siya ay lumipad patungo sa kaparangan sa kanyang pook, kung saan siya'y pinakain nang isang panahon at mga panahon at kalahating panahon, malayo sa kinaroroonan ng ahas…. At ang dragon ay lubhang nagalit sa babae, at siya'y humayo't gumawa ng pandirigma sa natitira sa kanyang [sa babaeng] mga anak, na sumusunod sa mga utos ng DIYOS at nagtataglay ng mga pagsaksi ni HESUKRISTO." (Rebelasyon 12:14, 17)

>>Ganito kung paano SIYA makikialam! Ganito kung paano NIYA tutupdin ang KANYANG sinabi sa Malakias 3.
>>SIYA ay magbubunsod ng paghihiwalay!
>>Yung mga mapapakundanganan ay aalis mula sa pangkalahatang grupo at mapoprotektahang malayo sa malubhang panahon ng kaguluhan sa hinaharap. Ang ibang grupo'y dapat patunayan ang kanilang dedikasyon sa DIYOS sa pamamagitan ng pagbabata sa buong pwersa ng pagkapoot ni satanas. May dapat na dalawang magkahiwalay na grupo ng mga tao, o sila'y magsasalo sa isang magkaparehong kapalaran!
>>Ang eksaktong panahon na ang paghihiwalay ay magaganap ay hindi naibigay. Ang

Rebelasyon 12 ay nagpapakita lang na iyon ay magaganap. Pag nangyari na iyon, magiging napakalinaw kung sino ang matapat at makatuwiran at kung sino ang hindi. Ikumpara ang nasusulat na mga ito sa nandoon sa Rebelasyon 3:10-11, 16-19.

## Ang *Ekklesia* ay Eksklusibo (*Exclusive*)

>>Ang totoong Iglesya ng DIYOS, ang tunay na *ekklesia*, ay magkakaroon ng tangi't pagkakakilanlang mga palatandaan. Ito'y magtataglay ng tumpak na pangalan (Juan 17:11; Mga Gawa 20:28; Galacia 1:13; atbp.). Ito'y magtataglay ng pagsaksi ni HESUKRISTO at magpapanatiling sinusunod ang mga utos ng DIYOS (Rebelasyon 12:17), pati ang *Sabbath* (Exodo 31:12-18; Isaias 56:6-7; Marcos 2:28; Mga Gawa 18:4-11).
>>Ang malinaw na pagkaunawa sa prinsipyo ng kung ano ang *ekklesia*, ang mistikang katawan ni KRISTO, ay makakapigil dito mula sa pagiging di-na nababatay-sa-nasusulat na pagbanat para maisali ang mga maka-mundong iglesya din. Ang 'Kristiyanong' mga iglesya nitong mundo ay walang tumpak na pagsaksi ni HESUKRISTO, na nagsisimula sa pagkaunawa kung ano ang tunay na ebanghelyo at nakakagawa ng tamang aplikasyon ng buhay, ng kamatayan at ng muling pagkabuhay ni HESUKRISTO. Ang pagsaksi ni HESUKRISTO ay pumapalibot sa lahat ng KANYANG sinabi at ginawa, kasali ang pagpapanatiling sinusunod ang mga utos ng DIYOS. Ang maka-mundong kristiyanismo ay isinasaisantabi ang mga utos ng DIYOS nang kanilang mapanatili ang kanilang tradisyon, bagama't kanilang ina-angkin si HESUS bilang Tagapagligtas.
>>Samakatuwid ang prinsipyo ng *ekklesia* sa pagiging mistikang katawan ay hindi maaaring banatin para isali sinuman at bawa't isang pwedeng tumawag sa kanilang mga sarili na kristiyano. Ang *ekklesia* ay dapat maipakilala sa pamamagitan ng mga limitasyon na sa DIYOS na Salita ang nagpapataw dito.

## Dapat Ba Kayong Umalis?

>>Dapat ba kayong (o ikaw) umalis sa iglesyang dumadausdos palayo sa Katotohanan? Hindi ba't ang mga pagtitipak-tipak at paghahati-hati ay mali?
>>Sa ilalim ng higit na mabuting mga kondisyon, ang maka-DIYOS na pagkakaisa gaya ng sa apostol Pablong pagkakapaglinaw dito sa Filipos 2:1-5, ay dapat makalaktaw sa mga pagkakaibang normal na nangyayari sa loob ng anumang grupo. Subalit kung ang pandoktrinang mga pagkakaiba'y magpapabago sa pinagtutuunan ng ebanghelyo at sa kaanyuan ng DIYOS, na nagbubunga ng pagkalito ng layunin, ng pagkawala ng wastong mga adhikain, at kawalangbahala, napapanahon nang gumawa ng pakikipaghiwalay upang maprotektahan ang inyong (o iyong) relasyon sa DIYOS.
>>Kung ang mga doktrina'y nagbabago, hindi ba't yun ay nagmumungkahi na ang Guro ay nagbago? Ang ating Guro ay nagsasabing, "AKO ay hindi nagbabago" (Malakias 3:6).
>>Pwede ba kayong (o ikaw) umalis sa Iglesya? <u>WALANG PASUBALING HINDI PWEDE</u>! Kapag inyong nauunawaan kung ano ang Iglesya, hindi kailanman tamang umalis dito. Ang pag-alis sa *ekklesia*, ang mistika o espirituwal na katawan ng ating tinatawag na Iglesya ng DIYOS, ay nagpapahiwatig ng pakikipagkalas sa inyong (o iyong) relasyon sa DIYOS! Ang pagwawaksi sa DIYOS at sa KANYANG relasyon sa KANYANG mga tao ay malayong naiiba kaysa paglisan sa isang korporasyon, o sa isang grupong itinatag ng mga tao na may pangalang "*Church of God*" --- kahit pa ito'y dating napasailalim ng sa DIYOS na direksyon.
>>Kayo (o ikaw) ay hindi dapat mag-alaala tungkol sa pag-alis sa isang korporasyon. Kung aalis ka o kayo sa isang pang-korporasyong iglesya upang makahawak nang mahigpit sa katotohanang ibinigay ng totoong apostol, kayo (o ikaw) ay hindi umaalis sa katawan ni KRISTO. Kayo (Ikaw) ay <u>dapat</u> na umalis upang mapanatiling matibay ang naitatag na relasyon sa DIYOS na naging resulta ng pagtuturong tinanggap sa pamamagitan ng KANYANG totoong ministri.

# Ang Iglesya:
# Isang Espirituwal na Organismo

>>Si Herbert W. Armstrong ay nagsalita tungkol sa paksa ng totoong Iglesya sa *World Tomorrow radio broadcast* na isinahimpapawid noong Marso 31, 1981 sa WMAQ, Chicago, Illinois. Ang sumusunod na halaw (*excerpts*) ay buhat sa *broadcast* na iyon:

>>Ang totoong Iglesya ay magiging hiwa-hiwalay, mapapakalat at bubwisitin, maitataboy nang pahiwalay ng mundo… II Timoteo 4:3-4:

"Sapagkat ang panaho'y darating kung kailan sila ay hindi makakatiis sa maayos na doktrina, bagkus ayon sa kanilang sariling mga naisin, dahil sila'y may nangangating mga tenga, sila'y magdaragdag sa kanilang mga sarili ng mga guro; at kanilang ipipihit ang kanilang mga tengang palayo mula sa katotohanan, at mapapapihit patabi sa mga pabula."

>>Tayo'y bumalik sa Iglesyang si HESUKRISTO ang nagtatag sapagkat ito'y palaging buhay sa dumaraang bawa't henerasyon. Ang Iglesyang yun ay nagkaroon ng mga pagtaas at mga pagbaba.
>>Iyon ay palaging nagpanatili sa mga utos ng DIYOS at sa pananampalataya ni HESUS at iyon ay nagpanatili sa mga kapistahan ng DIYOS at hindi sa paganong pagdiriwang na sa mundo at sa mundong mga iglesya'y idinaraos. Ang Iglesyang iyon ay palaging nananatili.
>>Ang totoong Iglesya ng DIYOS ay isang hindi nakikitang espirituwal na organismo, ng mga taong mayroong, at inaakay ng, Espiritu ng DIYOS, na kung kanino si HESUKRISTO ay pumunta upang mamuhay ng KANYANG buhay para sa kanila. Yun ang totoong Iglesya, binubuo ng lahat ng mga tao kahit sila'y organisadong magkakasama, magkakakilala at nagtatrabahong magkakasama, o kahit hindi man. Kahit sila'y nagtitipon sa isang lugal o kahit sila'y ganap na nakakalat. Yung mga indibidwal na iyon ang bumubuo sa totoong Iglesya.
>>Ngayon sa maraming mga panaho'y ating natatagpuan ang kanilang kasaysayan sa nagdaraang bawa't dantaon, at may mga panahong sila ay ganap na nakakalat at hindi-organisado. Sa ibang mga panahon ay may malaking kabahagi nila, mga grupo nila, ang nagsama-sama at nag-organisa, at sila'y magkakakilala, at sila'y talagang organisado't gumawa ng sa DIYOS na gawain. At sa panahon kung kailan ang DIYOS ay naghangad na ang KANYANG Gawain ay maipadala sa mundo, ang DIYOS ay pinagsasama-sama sila at sinisigurong sila ay organisado.
At kahit noong kay Pablong araw marami sa mga dumadalo sa Antioch, at sa Jerusalem, at Ephesus, at Corinth at sa iba pang mga pook, ay nagsimulang mag-apostasya at pumaling na palayo sa katotohanan. Ang mga paghahati-hati ay lumitaw at yung mga indibidwal, hindi kumberted, na pumaling mula sa katotohanan ng DIYOS at daan ng pamumuhay, ay hindi bahagi ng totoong Iglesya ng DIYOS, bagama't nakikitang nakikipagtipong kasama noong tunay. Ang misteryo ng kabalakyutan ay umaandar na, gaya ng sa apostol Pablong isinulat sa II Tesalonika 2. At iyon ay umaandar na sa loob ng nakikitang Iglesya.
>>Ang apostasya ay lumaganap, at sa taong 124 *A.D.* nakararami sa karamihang mga Iglesya, ang maraming nagtitipun-tipon para sa pagsambang serbisyo sa karamihan ng mga Iglesya (na sadya ma't hindi, sila'y nagtitipun-tipon pa rin sa *Sabbath*, paniwalaan ma't hindi…) [ay hindi na kabilang sa totoong Iglesya]. Unti-unti, paliit nang paliit na bahagi ng nakikitang mga iglesya na may pangalang

kristiyano ang nananatiling tunay na tumatalima sa DIYOS at inaakay ng KANYANG Espiritu. At matapos na si Emperador Konstantino ay kunin ang talagang pagkontrol sa nakikita, nagsasabing iglesya, noong maagang ikaapat na dantaon, ang nakikitang organisasyon ay naging halos buung-buong pagano at kanilang itiniwalag at pinag-usig/binuwisit ang lahat na nanghahawakan sa totoong Salita ng DIYOS, sa Bibliya.

>>At pangwakas ay kinailangan nang ang lahat na tunay na mga Kristiyano, kahit na nakakalat na mga tao, kinailangan na nilang tumakas! At sila, ang mga inaakay ng Espiritu ng DIYOS, ang mga kung kanino si HESUKRISTO ay namumuhay ng KANYANG buhay, … silang nag-iisa ang bumubuo ng tunay na Iglesya, at sila'y kailangang tumakas mula sa nasasakupan ng pamahalaan upang totohanang sumamba sa DIYOS. Ganoon ang nangyari, mga kaibigan, sa Iglesya. Subalit ang DIYOS ay mayroon pang KANYANG mga ministro.

---

# Ang Kahalagahan ng Doktrina

>>Doon kay apostol Pablong mga sulat kay Timoteo, kanyang hinimok ang batang ebanghelista sa napaka-igting na pananalita na tumayong matatag at humawak nang mahigpit sa doktrinang ang nasabing apostol ay ibinigay sa kanya (I Timoteo 6:20). Si Pablo'y nangailangang balaan siya dahil noong bandang *A.D.* 65 ang Iglesya ay dumadausdos nang palayo mula sa katotohanang kay HESUKRISTONG ipinagkatiwala sa mga apostol.

>>Bakit ba ang doktrina ay napakahalaga sa DIYOS? Bakit ba NIYA di-gusto na ang KANYANG mga tao'y mapaiba mula sa kung ano NIYANG sinabi sa KANYANG Salita? Ang sagot ay basal at simple: ang pag-iba mula sa *orthodoxy* (o umiiral na pagsunod sa itinakda't nakaugaliang mga batas at patakaran) ay hindi makakapagpausbong at makakapagpalago ng tamang bunga sa ikatutupad ng KANYANG layunin.

>>Ang DIYOS ay nakakapagpalugit, sabihin pa, para sa di-gaanong mahalagang mga pagkakaiba. Hindi bawa't isa'y magkakaroon ng parehong antas ng pagsunod o pag-unawa. Hindi bawa't isa'y parehong marunong o edukado. Subalit, ang KANYANG mga tao'y magkakaroon ng matibay na paniniwala sa mga doktrinang pinaka-importante at sentral sa KANYANG layunin. Kung ang sentral na mga doktrina ay mawawala, ang mga pag-iibang naririto'y magsasapanganib sa layuning KANYANG isinasakatuparan.

## Mga Prinsipyo mula sa Pagtitinapay

>>Marahil ang analogo sa pagsunod sa *recipe* ng pagtitinapay (*baking of a cake*) ay makakasapat sa pagpapakita ng mga prinsipyong kalahok sa pagpapanatiling puro sa doktrina. Kung sa pagtitinapay ang panadero'y mag-iwan ng ilang sangkap, o kung siya'y magdagdag ng iba na wala sa *recipe*, o kung siya'y gumamit ng tamang mga sangkap ngunit sa maling mga sukat-sukat (*proportion*), posible na anuman sa ganitong mga kumbinasyon ay hindi magwakas na *cake*! Sabihin pa, upang makagawa ng perpektong *cake*, marapat na gumamit ng tamang mga sangkap sa tamang mga *proportion*.

>>Bagama't ang ganito'y talagang tamang tama (*ideal*), ang DIYOS ay gusto na ang KANYANG mga tao'y mag-asam nito dahil sa KANYANG layunin. Ang isa'y baka hindi na kailanman makasapol sa ganito kataas na tudlain (*target*), ngunit yun ay hindi nagbabawa sa kanyang dalahin na magpunyagi upang mapagbuti ang tamang *proportion* ng tamang mga sangkap sa bawa't parte ng buhay. Ang Epeso 4:13 ay nagsasabing, "hanggang tayong lahat ay dumating… sa sukat ng katayuga't pagiging ganap ni KRISTO."

>>Ang tinawag ng DIYOS ay may lubhang mataas na layunin at pag-asa: upang maging mga Diyos! Ang Bibliya'y walang alinlangang

nagsasabi na tayo ay magiging kagaya NIYA, na kagaya ni HESUKRISTO (I Juan 3:2). Sumusunod lang na ang mga sangkap sa pagpapausbong at pagpapalago ng posibleng matamo ay marapat na kasinglapit sa perpekto hangga't maaari.

## Mga Prinsipyo mula sa Pag-aaruga ng Anak

>>Ang eskriptong ginagamit na pangunahin sa pag-aaruga ng anak ay nagdaragdag ng isa pang prinsipyong maituturing. "Sanayin ang anak sa daang dapat niyang tahakin, at kung kailan siya'y matanda na siya'y hindi na lilisan doon" (Kawikaan 22:6).
>>Walang magulang na nagsasanay sa kanyang mga anak nang perpekto dahil bawa't isa'y produkto ng lito at diskariladong sistema na sa Bibliya'y tinatawag na "ang balakyot na mundo". Ang mga magulang ay may-ugaling mag-ulit at magpasa ng anumang naipataw sa kanila ng madungis na sistema. Ang mga *psychologist* at *sociologist* ay nagpapatotoo na ang mga taong inabuso noong mga bata pa ay madalas inuulit ang ganoong kilos pag sila'y may hustong gulang na. Ang kamakailang estadistika, nabanggit sa pang-telebisyong programang *Scared Silent*, ay nagsasabing yung inabusong mga bata'y anim na beses na baka abusuhin ang kanilang sariling mga anak pag sila'y naging mga magulang na kesa yung hindi inabusong mga bata. Ang inabuso'y nagiging mga nang-aabuso. Ang sistema'y nahahawakan sila, at kanilang naipapasa ang sistema.
>>Si Muriel Beadle ay nag-*paraphrase* sa eskriptong ito sa kanyang aklat, *A Child's Mind* . "Ngayon ang kawikaan ay maaaring amendahan upang basahing '… at kung kailan siya'y matanda na, hindi na siya makakalisan mula doon" (p. xx). Kanyang punto na yung sa *adult* (o may hustong gulang) na pag-asang magbago ay bahagya na lang. Napakahirap para sa isang baguhin ang naikintal na sa kanya nang siya'y bata pa. Ang *cliché* o makahuluga't nakakasawa nang kasabihan, na ang isang tao'y "nakahulma na sa kanyang mga gawi" ay totoo.
>>Sa maikli at malinaw na pagsasabi, ang prinsipyo ay: yung tamang pagsasanay ang nagpapausbong at nagpapalago ng tamang mga resulta. Kaya, ang atletikong mga koponan, ang pang-*ballet* at pang-entabladong mga produksyon at ang mga hukbo ay nagsasanay --- *drill, drill, drill* (o praktis, praktis, praktis) paulit-ulit at paulit-ulit --- hanggang lahat ng mga kalahok, kung posible, ay maaari nang gawin ang kanilang mga parte nang pakusa't di-na pinag-iisipan (*automatically*). Ang kahusayan ay nagiging talagang integral na kabahagi na nila kaya sila'y nakakaganap na maigi't wari'y pangkaraniwan na lang.
>>Ang wasto't angkop na pagsasanay ay mananatili habambuhay. Ang ganitong prinsipyo'y lapat sa ginagawa ng DIYOS sa buhay ng isang Kristiyano. Ang mga tao ay materyal at mortal. Subalit ang DIYOS ay inilalagay ang KANYANG mga anak sa daan ng isang pagsasanay na programa upang ihanda sila sa walang hanggang buhay. KANYANG sinasanay sila sa paraang makakapagpanatili [sa kanila sa maka-DIYOS na mga kaangkinan] magpakailanman. Sa pakikitungo sa mga may ikabubungang magpakailanman, ating mauunawaan kung bakit ang DIYOS ay nagtuturing sa doktrina --- sa itinuturo, tagubilin --- na napakahalaga.
>>Isang pa-satirikong interpretasyon (*a satirical interpretation*) ng bersong ito'y mababasang, "Sanayin ang anak ayon sa kanyang balakyot na kinakahiligan [hayaan siyang gawin ang kanyang gusto], at siya ay magpapatuloy sa kanyang balakyot na daan sa buo niyang buhay." Kaya kahit alin dito, ang prinsipyo ay may katotohanan. Ang pagsasanay ay nagdedetermina kung ano ang kahihinatnan ng KANYANG mga tao.

## "Ang Anak na Naiwang Mag-isa…"

>>"Ang pamalo at pagwiwika ay nagdudulot ng karunungan, subalit ang anak na naiwang mag-isa ay nagdadala ng kahihiyan sa kanyang ina" (Kawikaan 29:15). Kung ang anak ay "naiwang mag-isa", saan ang kanyang pagsasanay nanggagaling? Maliwanag, na sa ganitong kaso, si inay at si tatay ay hindi gaanong nagkaka-impluwensya sa kanilang anak. Ang pagsasanay ay malamang na nanggagaling sa lipunan, na marahil ay sa batang mga kasing-edad. Sapagkat "ang kalokohan ay nakagapos sa puso ng isang bata" (Kawikaan 22:15), ang anak na naiwang

mag-isa'y nagdadala ng kahihiyan --- siya'y malamang na mapahalo sa gulo kung ang kanyang pagsasanay ay padaskol-daskol at di-nagagabayan, o kung siya'y hindi na-praktis o nadisiplina. Ang kabaligtaran ng bersong ito'y nagsasabing, "Bagkus ang gabilya ng pagtutuwid ay magtataboy nitong palayo mula sa kanya." Ang gabilya o pamalo ay nagsisimbolo na mayroong nagmamalasakit sa kahihinatnan ng sa batang buhay. Siya [yung nagmamalasakit] ay nagbibigay ng direksyon, pagtutuwid, pagtuturo, upang matunton ang bata kung saan siya dapat magtungo. Ang pagsasanay, ang pangangaral, ay makagagawa ng lahat ng pagkakaiba sa mundo.

>>Isang halimbawa mula sa buhay ni [haring] David ang naglalarawan ng kawikaang ito. "At [ang kay Adonijang] ama ay hindi pinagalitan siya kahit kailan sa pamamagitan ng pagsasabing, 'Bakit ba ito'y ginawa mo?' Siya pati ay napaka-guwapong lalaki. Ang ina niya'y isinilang siya kasunod ni Absalom" (Mga Hari 1:6). Si David ay napakatanda na at malapit nang mamatay. Ang kanyang pamilya at ang kanyang malapit na mga tagapayo marahil ay nakaalam na kanyang intensyong ipasa ang korona kay Solomon. Ngunit si Adonija'y nagtangkang pigilan yun. Siya ay gumawa ng pampulitikang kilos upang agawin ang trono bago si Solomon makapaniguro sa paghawak dito. Ang kanyang panlansi'y nabigo dahil si Bathsheba, ina ni Solomon, at ang kay David na matapat na mga tagapayo'y umapela sa hari, at kanyang ginawang napakalinaw kung sino ang kanyang napiling humalili sa kanya.

>>Si David, bagama't isang taong malapit sa puso ng DIYOS, ay hindi aktibong nagturo kay Adonijah. Sa bersong ito'y sinabi ng DIYOS kung bakit si Adonijah nagrebelde. Sa totoo lang, si David ang tunay na nagbunsod sa kanyang anak na magrebelde sa pamamagitan ng di-pagkakaroon ng malasakit sa pag-aaruga sa kanya. Si David ay nagkulang na sanayin siya sa daang kanyang dapat na tahakin, upang siya ay hindi na lumihis mula doon. Sa halip, si David ay sinanay siya sa landas na siguradong maghahantong sa paghihimagsik. Ang ganitong kasiraan ni David ay makikita sa iba pa niyang mga anak: kina Absalom, Amnon at iba pa. Balewala kung ang sinuman ay anak ng DIYOS at may Espiritu NIYA o wala. Kung ang magulang ay hindi pinagtuluy-tuloy ang tamang pagsasanay, ang mga resulta'y lilitaw sa kanyang mga anak.

## Alagaan ang Inyong (Iyong) Espirituwal na Halamanan

>>Ang pangaral na pinagbubuhatan ng pagsasanay ay lubhang napakahalaga kung paano ang isang tao'y mamumuhay. Ang ganito'y makikita halos mula pa sa simula. "Kaya ang PANGINOONG DIYOS ay kinuha ang lalaki at inilagay siya sa halamanan ng Eden upang alagaan at pagyamanin ito" (Genesis 2:15). Napakasimple at sa tuwirang paraan, ang DIYOS ay naglahad ng layunin para sa KANYANG paglikha ng halamanan, at nagsimulang ipahayag ang pampundasyong mga bahagi ng pagsasanay na programa para kay Adan at Eba. Pang-espirituwal, ang prinsipyong ito'y sumasaklaw din sa KANYANG makabagong mga anak.

>>Kay Adang trabaho sa Halamanan ang "mag-alaga at magyaman", o "kultibahin at bantayan". Isang higit na malalim na pag-aaral ng mga salita ang nagpapakita na sa kumbinasyon, ang pag-aalaga, o pagkultiba, ay porma ng pagyayaman. Kultibasyon ang pagsisikap na ginagawa ng magsasaka upang masiguro hangga't maaaring siya'y magkakaroon ng masaganang ani. Siya'y nagbubungkal ng lupa, nagpapataba dito, nagtatanim ng binhi, saka nagpapasidhi ng higit pang pagyabong sa pamamagitan ng pagdidilig, pagdadamo at kung ano pa. Kung ang magsasaka'y tamad, kung siya'y magkukulang sa pagkultiba sa kanyang lupa, kung siya'y walang ginagawa upang mapasidhi ang pagyabong, ano na ang mangyayari? Ang kalikasan ay susunod sa kurso nito at ang bukid ay magsisimulang matiwangwang!

>>Ang ganitong batas ay maaaring maisalarawan sa pamamagitan ng bahagya't naiibang mga halimbawa. Sakaling ikaw ang may-ari ng isang bagong bahay, kumpleto sa bagong pintura ang labas. Kung wala kahit anong gagawin upang mapanatili ang bahay sa mabuting kundisyon, ang bahay ay matitiwangwang nang mabilis. Kaparehong mailalapat ang ganito sa isang sasakyan

(*automobile*). Kung ikaw ay di-kailanman magpapalit ng langis, di-kailanman lalangisan ito, di-kailanman palolobohin ang mga gulong sa tamang *pressure*, di-kailanman huhugasan ito, pagkatiwangwang ang resulta. Ito'y kabahagi ng batas ng sanglibutan (*law of the universe*). Kung ang isang bagay ay hindi minamantine (mine-*maintain* o inaalagaan), kung walang nagagawa upang bantayan [ito] laban sa pagkasira, pagkatiwangwang ang siguradong magaganap. Kung walang nagagawa upang kultibahin, ang kalikasan ay susunod sa kurso nito, magbubunga ng pagkatiwangwang.

>>Sa napakasimpleng salita, ang sa DIYOS na layunin ay naisasakatuparan sapagkat ang mga lalaki at mga babae ay nagkukultiba at nagbabantay. Kanilang kinukultiba ang naipagkaloob sa kanila sa tema ng pampisikal at pang-espirituwal na mga bagay. Kung ang kultibasyon ay nagaganap, ito ay nakakapagbantay laban sa pagkatiwangwang. Kaya isa pang prinsipyo ang nagsisimulang lumitaw: hindi lang marapat na ang maayos na pagsasanay ay manggaling sa puro o wagas na doktrina, bagkus tayo ay marapat na magsikap na magkultiba, makapagpa-usbong at makapagpalago ng higit pang bunga at malawakang pagyabong. Kung ating pababayaan ang ganito kadakilang kaligtasan, ang ating espirituwal na buhay ay magiging tiwangwang. Ang mga katotohanan na ating dati nang tangan at tinitingala ay magsisimulang humulagpos na palayo.

>>Sa pinakasimula ng aklat, ang DIYOS ay nagbababala tungkol sa natural na gawi sa lahat ng bagay na mapapunta sa pagkawasak o *disintegration*. Gaya ng maipapakita sa dakong huli, ang muling pagbuhay sa katotohanan ng DIYOS ay di-nagbabagong sinusundan ng paghupa ng sa DIYOS na katotohanan. Dahan-dahan, ang grupong gumagawa ng sa DIYOS na katotohana'y nawawasak, nagkakapira-piraso at nagiging mas maliliit na mga grupo ng mga tao, na determinadong panatilihin anumang meron sila. Itong maliliit na mga grupo'y umalis sapagkat ayaw nilang mawala ang katotohanan bilang bahagi ng tumitiwangwang na grupo. Si Thomas Jefferson ay may karunungang naitala, "Ang kabayaran sa kalayaan ay walang hanggang pagmamatyag" (*the price of liberty is eternal vigilance*), isang paraan ng pagsasabi na masigabong pagsisikap ang kinakailangan upang kapwa magpanatili at magkultiba.

## Pinangaralan ni Pablo si Timoteo

>>Sa kabuuan ng II Timoteo ang apostol Pablo'y masidhing nanghihimok sa mas batang ebanghelistang si Timoteo na panatilihin ang aral na kanyang natutuhan buhat pagkabata. Si Pablo'y nasa hilera ng kamatayan (*death row*) at nangangailangang masiguro ang matapat na pagpapasa ng aral ni KRISTO sa ibang henerasyon. Kanyang pinili si Timoteo para sa ganitong kritikal na gawain.

>>"Nang aking pagbalikan sa alaala ang tunay na pananampalatayang sumasaiyo, na naparoong una sa iyong lolang si Lois at sa iyong inang si Eunice, at ako'y kumbinsidong sumasaiyo rin…. At buhat pa sa pagkabata ikaw ay nakaalam na ng Banal na mga Eskripto, na kayang gawin kang marunong para sa kaligtasan sa pamamagitan ng pananampalatayang na kay KRISTO HESUS" (II Timoteo 1:5; 3:15). Si Pablo'y may dahilang ipagkatiwala kay Timoteo ang sa Iglesyang doktrina: siya'y nasanay sa mga eskripto, sa Kristiyanong daan sa pamumuhay, ng kanyang lola Lois at ng kanyang inang si Eunice. Siya'y pangatlong henerasyon nang Kristiyano, at siya'y nagkaroon ng pagsasanay na nagbigay sa kanya ng pinagmulan upang maging ebanghelista sa loob ng Gawain ng DIYOS. Gaano kalawak at personal ang kanyang pagsasanay ay bukas na maitatanong. Kahit paano siya'y nagkaroon ng porma ng tamang uri ng pagsasanay.

>>"Samakatuwid aking pina-aalalahanan kang pukawin ang mga handog ng DIYOS na nasa iyo sa pamamagitan ng paglalapat ng aking mga kamay. Sapagkat ang DIYOS ay hindi nagbigay sa atin ng espiritu ng pagkatakot, bagkus ng kapangyarihan at ng pag-ibig at ng maayos na kaisipan" (II Timoteo 1:6). Inaalalang si Timoteo ay ministro ng Iglesya ng DIYOS, ang handog ay kapangyarihan at awtoridad na isakatuparan ang kanyang responsibilidad sa loob noon. Bagama't itong aklat ay orihinal na nailiham kay Timoteo, ito'y may aplikasyon para sa lahat ng mga Kristiyano. Ang mga prinsipyo nito'y nagsasali sa bawat isang may Espiritu ng DIYOS. Bawa't isa'y napagkalooban ng mga handog ng DIYOS

upang dalhin ang kanyang nabahagi sa DIYOS na gawain sa loob ng grupo.
>>Ang kaligtasan ay higit pa kaysa lang pagpapatawad sa kasalanan. Ibang bahagi pa ng sa DIYOS na kaligtasan ay ang KANYANG pagkakaloob ng mga handog --- mga kakayahan, mga talento, mga kapangyarihan, awtoridad --- upang gawin ang mga trabaho sa loob ng Iglesya. Ang kaligtasan ay nangangailangan ng paglalakbay patungo sa hantungan ng sa DIYOS na layunin. Ito'y isang daan ng pamumuhay na humahantong sa isang adhikain. Ang DIYOS ay nagkakaloob sa bawa't isa sa atin ng mga kapangyarihan upang magtagumpay na marating ang hantungan ng paglalakbay: mga handog ng Espiritung kaloob upang gampanan ang ating mga tungkulin sa loob ng grupo.
>>Kagaya na ang apostol Pablo'y gumamit sa katawan ng tao sa analogong paraan, nagpapakitang bawa't bahagi ng katawan ay may tungkulin, gayunding bawa't bahagi ng sa taong katawa'y nabigyan ng kapangyarihang magsagawa ng tungkulin sa kapakanan ng katawan. Gayundin sa DIYOS na Iglesya: walang bagay gaano man magkakahiwalay ito, o gaano man kabuo't nagkakaisa ito, ang DIYOS ay nagkaloob sa bawa't Kristiyano ng kapangyarihang isagawa ang kanyang tungkulin sa loob ng katawan [ni HESUS]. Kaya si Pablo'y inudyukan si Timoteo na gamiting mabuti yung mga handog [sa kanya ng DIYOS] upang tulungan ang Iglesya.
>>Walang indikasyon sa konteksto na si Timoteo ay nagkukulang kahit paano. Ito'y malinaw mula sa porma ng pagsasalita (*verbal forms*) na kay Pablong ginagamit dito na yun ay mga bagay na kay Timoteo nang nagawa noong nakaraan at patuloy pa ring ginagawa sa kasalukuyan. Ito'y maaari talagang maisulat nang higit na eksakto sa Ingles, "*keep fanning the flame*" o manatiling pinapaypayan ang liyab. Siya'y pumupukaw sa handog, at si Pablo'y nagsasabing, "manatiling pinupukaw ito!" Si Timoteo'y kumukultiba sa doktrina, ang pangunahing pamamaraan upang mapanatili o mabantayan anumang naipagkaloob na.

## Isang Espiritu ng Kapangyarihan

Isang indikasyon ng kay Timoteong personalidad ay nailalabas ng susunod na berso. "Sapagkat ang DIYOS ay hindi nagbigay sa atin ng espiritu ng pagkatakot, bagkus ay ng kapangyarihan at ng pag-ibig at ng maayos na kaisipan" (II Timoteo 1:7). Sa nakikita, si Timoteo ay isang may pagka-kimi (*introverted*), pagka-mahiyaing (*retiring* ) personalidad na kung siya lang ay hindi gagawin anumang siya'y matatawag upang gawin. Sa bandang huli ng aklat, si Pablo ay nakakaalam na siya'y mamamatay. Mula sa lahat ng mga indikasyon, si Timoteo ang magbubuhat ng bigat ng responsibilidad sa pangangaral ng ebanghelyo makaraan ang kay Pablong kamatayan. Si Pablo'y nakakaalam kung ano si Timoteo dahil siya'y nagbuhos ng mga taon na kasama niya, naglalakbay sa Mediteraneong rehiyon (*Mediterranean region*). Ang apostol, nagmamalasakit kay Timoteo na magkaroong kaisipan, personalidad, kagustuhan, upang maisakatuparan ang kanyang mga responsibilidad, ay nagpaalala sa kanya na ang sa DIYOS na Espiritu'y [Espiritu] ng kapangyarihan, ng pag-ibig at ng pagiging maayos na kaisipan.
>>At gayun din bawa't isang tao na tinatawag ng DIYOS. SIYA'y nagkakaloob ng anumang handog na kailangan nito upang maisakatuparan ang kanyang mga responsibilidad sa loob ng grupo. Karamiha'y makakatagpong may tanging mga bahagi ng sa Kristiyanong buhay na hindi kumportable o na ang pangangailangang itinakda ng DIYOS ay mahirap abutin. Subalit walang kailangang matakot sapagkat ang kapangyarihan ay handa't laan, kung hindi'y ang DIYOS ay hindi DIYOS. SIYA'y nangako na KANYANG tatapusin anumang KANYANG pinapasimulan (Filipos 1:6). Ating magagawa anumang KANYANG hingin dahil SIYA'y hindi humihingi nang higit kaysa kayang maisagawang kasama ng mga handog na tayo'y mayroon na. SIYA'y laging gumagawa sa loob ng balangkas ng KANYANG kaalaman tungkol sa bawa't Kristiyano.

"Samakatuwid ay huwag ikahiya ang pagsaksi ng ating PANGINOON, ni ako na KANYANG bihag, bagkus ay bumahaging kasama ko sa pagdurusa para sa ebanghelyo ayon sa kapangyarihan ng DIYOS" (II Timoteo 1:8). Si Pablo'y kinumpirmang si Timoteo'y nanliliit na palayo sa pagdurusa. Kahit sino'y

ganoon. Natural lamang na siya'y ayaw humarap sa nakakapanghina ng loob na mga bagay na alam niyang sa apostol Pablong pinagdusahan na sa buo niyang buhay.

## Ang Pagsaksi ng Ating PANGINOON

>>"[Ang DIYOS] ang nagligtas at tumawag sa ating sumama sa isang banal na bokasyon, hindi ayon sa ating mga gawa, bagkus ayon sa KANYANG sariling layunin at pagpapalang ibinigay sa ating na kay KRISTO HESUS bago ang panahon ay nagsimula" (berso 9). Ito'y bersong nagsisimula sa seksyong nagpapakilala sa kanyang pangaral na hawakang mahigpit anumang naipagkatiwala sa ating pangangalaga na kung kanyang tawagi'y "ang pagsaksi ng ating PANGINOON".
>>Ano ba ang pagsaksi? Pinaka-karaniwang ito'y ginagamit kung kailan ang isang tao'y tinatawagang magbigay ng pahayag kung ano ang kanyang nasaksihan. Ang ganito, datapuwa, ay makipot na paggamit.
>>Sa mas maluwag na aplikasyon, si Webster ay nagsasabing ito'y nangangahulugan ng "pangunahing pagpapatunay ng isang impormasyon", na siyang kinakailangang gawin sa isang panghukumang paglilitis, na beripikahin ang impormasyon. Ang sa paglilitis na abogado'y pwedeng magtanong, "Iyo bang kilala itong tao bago sa ganoon at ganoong petsa?" Ang saksi o testigo ay saka magpapatunay kung ang impormasyon ay hindi totoo o totoo. Ang pagsaksi ay nangangahulugan ding "ebidensya". Ang abogado'y nagtatanong, "Anong iyong nakita?" At saka ang saksi maglalahad ng kanyang ebidensya.
>>Subalit ito'y maaari ding mangahulugan ng "taimtim na deklarasyon, isang hayagang pag-ako". Ang ganito'y mas malapit sa kung ano ang kay HESUKRISTONG ginawa. SIYA'y nagbigay ng hayagang pag-ako, isang taimtim na deklarasyon, ukol sa mensaheng KANYANG iniwanan sa sangkatauhan. Yun ang pagsaksi ng PANGINOON, ang mensahe ng Mensahero. Ang Iglesya'y nakakaalam nito bilang ebanghelyo ng Kaharian ng DIYOS.
>>Ang apostol Juan noong huli'y nagsusulat ng parehong parirala at nagpapaliwanag dito sa Rebelasyon 19:10, "At ako'y sumubsob sa kanyang mga paa upang sambahin siya. Subalit kanyang sinabi sa akin, 'Tingnan mong ikaw ay huwag gumawa niyan! Ako'y iyong kapwa tagapaglingkod, at ng iyong mga kapatid na mayroong pagsaksi ni HESUS. Sambahin ang DIYOS! Sapagkat ang pagsaksi ni HESUS ay espiritu ng paghula o *prophecy*.'" Ang anghel ay gumagamit ng interesanteng kumbinasyon ng mga salita, upang ilarawan ang ebanghelyo. Ang ebanghelyo'y mapaghula o *prophetic*. Kanyang tinatawag ang pagsaksi ni HESUS, na siyang ebanghelyo ng Kaharian ng DIYOS, na espiritu ng paghula.
>>Ang "Espiritu" ay ginamit sa kaisipang kalikasan (*in the sense of character*), ang likas ng isang bagay. Ang pagsaksi ni HESUS ay ang likas ng paghula. Isa pang Ingles na salita ay mas mabuti: *essence* o diwa o buod. Ang pabango o *perfume* ay madalas na tinatawag na *essence*, isang di-nakikita, ngunit makatunayan at kaibig-ibig na halimuyak na siya nitong likas.
>>Ang diwa o buod, ibig sabihin ay "ang likas ng", tulad ng salitang *character* o kalikasan. Ito'y nangangahulugan ding "ang pangunahing bahagi (*the main part*), ang puso at buod ng (*the heart and core of*), ang tunay at ultimong likas ng isang bagay (*the real and ultimate nature of a thing*). Ang pagsaksi ni HESUS ay siyang tunay at ultimong likas ng paghula, ibig sabihing lahat ng paghula'y nakaturo't patungo sa hantungan (*conclusion*) ng ebanghelyo. Bawa't bagay sa DIYOS na layuni'y nakaturo sa direksyong iyon.
>>Kung kailan ang mga paghula'y ibigay, ang mga yun ay nagsasabi tungkol sa mga bagay na panghinaharap at di-pa natutupad. Ang pagsaksi ni HESUS ay ang pinakalikas, ang puso at buod, ang likas, nitong panghinaharap na mga pangyayari. Ang ebanghelyo, anuman ang mensahe nito, ay nakatuon sa hinaharap. Kaya tayo ay di-maaaring magpalagay sa panghinaharap na mga aspeto ng ebanghelyo bilang isang mababang kahalagahan nang hindi winawasak ang puso at buod ng mensaheng dala ni HESUKRISTO.

## Kailan Ba ang Ebanghelyo Nagsimula?

>>"SIYANG nagligtas at tumawag sa ating kasama ang banal na bokasyon, hindi ayon sa ating mga gawa, bagkus ay ayon sa KANYANG

sariling layunin at pagpapala na ibinigay sa ating na kay KRISTO HESUS bago ang panahon ay nagsimula" (II Timoteo 1:9). Kung maibabaling ang huling sugnay na ito sa maliwanag na Ingles, *GOD began HIS purpose before time*! (sa Filipino, Ang DIYOS ay nagsimula ng KANYANG layunin bago pa ang panahon!) Hindi lamang ang katuparan ng ebanghelyo'y nasa hinaharap pa, ang simula nito'y nababanat nang lahatan pabalik bago pa nagsimula ang panahon gaya ng sa mga taong pagtingin dito. Sa isang punto sa napakalayong dako sa nakaraan bago ang sangkatauhan, ang sa DIYOS na layuni'y nagsimulang gumalaw patungo sa pagka-kumpleto nito.

>>Kung ang ebanghelyo'y nagsimula bago pa ang panahon, at kung ito'y puso at buod ng mga panghinaharap na mga pangyayari, kung ganoon, tayo'y may lohikang makakapagpasya na ang sa DIYOS na layunin ay hindi pa kumpleto! Ang pagka-kumpleto ng layunin, ng magandang balita, ay sa hinaharap pa. Anuman ang nasa hinaharap ay siyang adhikaing tinutungo ng layunin, at ang adhikaing iyon ay <u>siyang</u> magandang balita. Sabihin pa, magkakaroon ng kamangha-mangha at nakapagpapalakas-loob na mga mabuting gawa habang daan. Ating matatawag yung *benchmarks* o mga pananda. Kahit ang mga yun lang <u>ay</u> magandang balita na, ang paghantong sa kanila <u>ang</u> magandang balita.

>>Ang apostol Pablo'y nagsusulat sa Hebreo 4:1: "Samakatuwid, kasi may pangakong nananatili sa pagpasok sa KANYANG kapahingahan, tayo ay matakot na baka sinuman sa inyo ay tila magkulang doon." Pansinin ang "pangakong nananatili sa pagpasok sa KANYANG kapahingahan". Ito ang paksa ng usapan. Sa panahong sinusulat ang Hebreo, ang kapahingahan ay hindi pa naaabot. Hindi kailanman ito naabot mula noon. Ang kapahingahan ay doon pa sa hinaharap. Ito'y nananatili kahit para sa mga Kristiyano ngayon. Si Pablo'y nagbabababala, "baka sinuman sa inyo ay tila magkulang doon", ibinabadya na kahit ang isa'y nakatanggap na ng kapatawaran, ng sa DIYOS na Espiritu at mga handog ng Espiritu, mayroon pang posibilidad na mahulog palayo. Ang ganitong posibilidad ay di-naman napakalaki, ngunit gayunpama'y marami ang tila magkukulang pa rin.

>>"Dahil tunay na ang ebanghelyo'y naipangaral sa atin at gayundin sa kanila; ngunit ang salitang kanilang narinig ay hindi nakabuti sa kanila, hindi kasi nahaluan ng pananampalataya noong mga nakarinig doon" (berso 2). Noong panahon ng Exodo, ang mga tao ng Israel ay nakarinig sa mensahe ng magandang balita mula kay Moises. Iyon ay binubuo ng katubusan mula sa pagka-alipin, ng *Passover* o Paglaktaw, bautismo o pagkakabinyag sa *Red Sea*, at ng paglalakbay sa kaparangan tungo sa Pangakong Bayan. Ang magandang balita, kung ganoon, ay may kasaling mga kaganapan at kaalaman tungkol sa mga hakbang habang daan, lahat ng mga pananda. Ang layunin kaya lahat ng mga pangyayari'y naganap ang pinaka-importanteng bahagi. Anong kabutihan na ang anghel ng kamatayan ay lumaktaw sa kanilang mga tahanan, na sila'y nakatanggap ng kapatawaran sa kasalanan at katubusan mula sa pagka-alipin, kung hindi sila umabot sa Pangakong Bayan? Yun ang kay Pablong babala. Ang mga hakbang, bagama't pambuhay sa kanila din, ay hindi kasinghalaga ng adhikaing hantungan.

>>Ang babalang ito'y lapat laluna sa ngayon. Anuman ang kay HESUKRISTONG ginawa sa KANYANG buhay, sa KANYANG kamatayan at muling pagkabuhay, ay kagila-gilalas, isang kamangha-mangha at dakilang handog. Magandang mga balita na ang mga iyon ay naganap, subalit hindi yun <u>ang</u> magandang balita. <u>Ang</u> magandang balita ay ang adhikain, at yun ay hindi pa nagaganap. Ang kay HESUKRISTONG ginawa ay sobrang mahalaga sa ikatutupad ng sa DIYOS na layunin, ngunit posible pang tayo ay magwaksi sa ANAK ng DIYOS kahit pagkatapos nating tanggapin ang KANYANG dugo para sa ikapagpapatawad sa ating mga kasalanan, gaya ng sa Hebreo 12 ay ipinapakita ring napakalinaw. Kaya sa ganitong analogo, ang buhay, pagmamay-ari at pamamahala sa Pangakong Bayan ang kulminasyon, ang magandang balita, ang katuparan --- kahit na pampisikal --- ng mga pangako kay Abraham.

>>Ang mensahe na kay HESUKRISTONG dinala, ang ebanghelyo, ay tungkol sa Kaharian ng DIYOS, ang kulminasyon, ang adhikain, ang katuparan. Siyempre't kasali dito ang kaalaman at impormasyon tungkol doon sa mga pananda

habang daan, ngunit ang Kaharian ng DIYOS ang adhikaing tinutungo't sa bawa't Kristiyanong tinututukan.

## Papunta sa Kagaling-galingan (*Perfection*)

>>Muli'y pansinin ito sa kaunting pagkaka-iba ng konteksto, na isinaad sa ibang paraan. "Samakatuwid, sa pag-iiwan ng pag-uusap tungkol sa panimulang mga prinsipyo ni KRISTO, tayo'y pumunta na sa kagaling-galingan [pagkakumpleto], hindi na ilalatag na muli ang pundasyon (ng panimulang mga bagay) ng pagsisisi mula sa patay nang mga gawain at ng pananampalatayang patungo sa DIYOS" (Hebreo 6:1). Ang mga doktrina o prinsipyong ito'y napakahalaga. Ang DIYOS ay pagkakalooban tayo ng pagsisisi at patatawarin tayo sa pamamagitan ng dugo ni HESUKRISTO. Anong gandang balita! Ngunit hindi ito ang magandang balita. Iyan ang prinsipyo: ang mapagkalooban ng pagsisisi at ang pagkakaroon ng pananampalataya kay at sa pamamagitan ni HESUKRISTO ay magandang mga balita, ngunit ang resulta ng mga bagay na yun ang tunay na magandang balita. Ang kulminasyon o pagka-kumpleto ng proseso --- "tayo'y pumunta na sa kagaling-galingan" --- yun ang magandang balita.
>>Pansinin ang lakas ng mga pangaral na pumunta na sa pagka-kumpleto sa Hebreo 12:1-2:

"Samakatuwid tayo rin, dahil tayo'y napapaligiran ng napakalaking ulap ng mga saksi, ating isaisantabi ang bawa't pabigat, at ang pagkakasalang napakadaling sumisilo sa atin, at ating takbuhing may pagbabata ang karerang naitakda sa harapan natin, tumitingin kay HESUS, ang may-akda at magtatapos ng ating pananampalataya, SIYA na alang-alang sa ligayang naitakda sa harapan NIYA ay tiniis ang krus, hinamak ang kahihiyan, at naupo na sa may kanang kamay ng trono ng DIYOS."

>>Siya'y namuhay gaya ng KANYANG ginawa sapagkat SIYA'y tumitinging patungo sa panghuling resulta. Si Abraham, ang ama ng matatapat, ay humanap sa isang siyudad. Si Pablo'y nagsasabing siya'y humanap sa hantungan ng kanyang paglalagalag. Ang magandang balita'y nakaturong patungo sa pagka-kumpleto, sa adhikain, ng sa DIYOS na layunin.
>>Yung ibang lugal ay nagpapakita rin nito, nang may kaunting pagkakaiba ng konteksto. Ang Mateo 6:30 ay talagang bumababa sa mga himaymay ng pang-araw-araw na pamumuhay. "Ngayon kung ang DIYOS ay ganoon damitan ang damong nasa bukid, na heto ngayon, at bukas ay itinatapon na sa hurno, hindi ba't SIYA'y higit pang dadamitan kayo, O kayong munti ang pananampalataya?" Ano ang kay KRISTONG sinasabi? Ating ipamuhay ang ating buhay, nagtatrabaho, nag-iimpok, nagbabayad ng mga bayarin, bumibili ng pagkain at damit --- lahat ng mga bagay na itong umookupa sa ating panahon halos araw-araw. Ano ang KANYANG tinatangka na bigyang lakas-loob na ating gawin? Tumingin sa dulo! Kanyang sinasabi, "Huwag sobrang mapatali at magambala ng mga pakikipagtagis sa araw-araw na buhay."

"Samakatuwid ay huwag mag-alaala, nagsasabing, 'Anong ating kakanin?' o 'Anong ating iinumin?' o 'Anong ating isusuot?' Kasi'y lahat na ganitong mga bagay ang hinahanap ng mga Hentil. Kasi ang inyong nasa langit na AMA'y nakakaalam na inyong kailangang lahat ng ganitong mga bagay. Ngunit hanapin muna ang kaharian ng DIYOS at ang KANYANG pagka-makatuwiran, at lahat ng ganitong mga bagay ay maidaragdag sa inyo. Samakatuwid ay huwag mag-alaala tungkol sa kinabukasan, dahil ang kinabukasa'y mag-aalala na sa sarili nitong mga bagay. Sapat na sa isang araw ang sarili nitong mga bagabag." (bersong 31-34)

>>Ang ating pinagtutuuna'y dapat patungo sa panghuling resulta. SIYA'y nagbibigay ng ganitong pagpapalakas-loob at pangaral upang buyuhin tayong umunawa at isabuhay lahat ng sa buhay ay kaugnay ng kung saan ito nagwawakas. Ang buhay ba'y magwawakas sa Kaharian ng DIYOS o sa Lawa ng Apoy? Iyan ang pagpipiliang ginagawa ng bawa't tao. Kahit sa pang-araw-araw na pangmundong mga bagay, sa pagkain at pag-inom, pagpunta sa trabaho, pakikibagay sa iba, at iba pa, gusto ng DIYOS

na ang KANYANG mga tao'y mag-ugnay sa ganitong pang-araw-araw na mga karanasan sa kanilang adhikain, ang Kaharian ng DIYOS.

## Pagpapanumbalik sa Lahat ng mga Bagay

"Magsipagsisi samakatuwid at maging kumberted, upang ang inyong mga pagkakasala'y mapawi, at nang ang mga panahon ng pagpapasigla'y makarating mula sa kinaroroonan ng PANGINOON, at nang KANYANG maipadala si HESUKRISTO, na SIYANG naipangaral sa inyo noon, na SIYANG sa langit na tatanggapin hanggang sa mga panahon ng pagpapanumbalik sa lahat ng mga bagay, na sa DIYOS na sinabi sa pamamagitan ng bibig ng lahat NIYANG banal na mga propeta buhat nang ang mundo'y magsimula." (Mga Gawa 3:19-21)

>>Ang mga bersong ito'y nagtatali sa ilang mga bagay nang magkakasama.
>>Ang II Timoteo 1:9 ay nagsasabing ang sa DIYOS na layuni'y nagsimula bago pa ang panahon. Maaari ba ang DIYOS magplano ng KANYANG kamangha-manghang layunin na walang panghuling resultang matatanghal? Kanya bang papangalanan ang KANYANG mensahe ng kaligtasan ayon sa isang bagay na mangyayari sa kalagitnaan, o KANYA bang papangalanan ito ayon sa adhikaing pinatutunguhan na KANYANG isinasagawa?
>>Si Pedro'y tinatawag ang sa DIYOS na layuning "ang pagpapanumbalik ng lahat ng mga bagay", isa pang mapaglarawang parirala para sa magandang balita ng Kaharian ng DIYOS. Ilalagay ng DIYOS ang Kaharian ng DIYOS sa daigdig, mamamahala sa pamamagitan ng KANYANG batas. Ang mga bersong ito'y nagpapaliwanag hindi lang sa hantungang pinatutunguhan ng sa DIYOS na pagkilos, kundi pati na rin na ang DIYOS ay humuhula tungkol dito buhat nang ang mundo'y magsimula. Ang DIYOS din ay tumitingin patungo sa adhikain.
>>Ang sa DIYOS na layunin ay nagsimula bago pa ang panahon, ngunit SIYA'y naghayag sa ganitong layunin sa sangkatauhan buhat pa kahit noong mga araw ni Enoch, na namuhay nang matagal na bago si Noah. Sa Hud, si Enoch ay binabanggit na nagsabing, "Masdan, ang PANGINOON ay dumarating na kasama ng sampung libo NIYANG mga santo" (Hud 14). Ating dapat na tanggapin ang sa DIYOS na salita sa pangmukhang halaga nito (*at face value*): na buhat pa noong simula SIYA ay humuhula ukol sa kulminasyon o kakumpletuhan ng KANYANG layunin.

## Ang Bagong Nilikha

>>"Samakatuwid, kung ang sinuman ay na kay KRISTO, siya ay bagong nilikha; ang lumang mga bagay ay lumipas na; masdan, lahat ng mga bagay ay naging bago" (II Corinto 5:17). Kung ano ang sa bersong ito'y inilalarawan, ay ang prosesong isinasagawa, hakbang-hakbang, antas-antas, tungo sa pagka-kumpleto. Ang sa DIYOS na mga anak ay bagong mga nilikha, nalikhang gamit ay isang prosesong tumatagal sa buo nilang buhay. Tayo ay bahagi nitong malikhaing proseso na ini-uusod ng DIYOS patungo sa konklusyong tinatawag na Kaharian ng DIYOS. Sa pamamagitan ng KANYANG Espiritu, ang DIYOS ay gumagawang kasama tayong gamit ang mga karanasan ng ating buhay. Minsang ang sa DIYOS na layunin ay naihayag na sa atin, tayo'y may mga pagpiling gagawin habang tayo'y dumaraan sa mga karanasang ito. At tayo ay gagawa ng ganitong mga pagpili kaugnay ng sa DIYOS na layunin.
>>Anong nangyayari kung tayo'y magtutuon sa panggitnang antas ng layunin, sa halip na sa adhikain? Ang proseso'y hindi uubra. Ang katulad na panglahatang resulta'y mangyayari gaya ng kung ang *cake recipe* (pagtitinapay) ay hindi sinunod: kung ating sinimulan ang paghalo sa mga sangkap para sa *cake*, at nang nasa kalagitnaan pa lang, tayo'y nagdesisyong ihurno na ito, ang resulta'y di-magiging kauri ng *cake* na ayon sa *recipe* ay dapat magawa. Ligtas ang konklusyon na ang sa DIYOS na malikhaing proseso'y babagal nang halos pagapang, o baka huminto pa nang lubusan, sa isang taong buhay, kung ang "*recipe*" ay hindi nasunod nang maingat.
>>Ipagpalagay na kung ang mga umimbento ng kotse ay tumigil sa paglalagay ng apat na gulong sa *chassis*. Paano kung wala nang sumubok na mag-*develop* ng makina? Saan mapaparoon ang

tao? Siya'y mananatili doon sa kabayo't karitelang panahon! Subalit maraming mga tao na may pananaw sa sasakyan na magdadala sa tao nang lampas pa sa apat na gulong at isang *chassis*. "Heto," may isang mapapasambit sa pagsambulat ng pagkatanto, "ating magagawa ang apat na gulong na umandar mag-isa: isang *automobile*!" Kaya sila'y nagpatuloy at pina-unlad ito. Una, sila'y meron nang mga gulong at *chassis*, tapos noon sila'y nagka-makina. Sumunod, sila'y kailangang mag-*develop* ng lahat ng uri't iba pang mga mekanismo, tulad ng *gear boxes* upang mapabilis ang mga iyon hanggang sa mahigit na dalawa o tatlong milya isang oras. Yun ay mahalagang araw, magandang balita, nang si Charles Kettering ay naka-imbento ng *electric starter*, nang ang mga tao'y di-na kailangang mag-*crank* ng makina. Hindi iyon *ang* magandang balita, kumbaga sa *automobile* mismo. Ang analogo ay dapat madali nang makita.

## Mensahe o Mensahero?

Paano kung ang ebanghelyo'y magtuon lang ng pansin sa Mensahero sa halip na sa mensahe na KANYANG dinala? Kung ito'y nagtutuon sa kadakilaan ng Mensahero, sa lahat ng magandang mga balita tungkol sa KANYA, at sa KANYANG kahalagahan sa proseso, ang KANYANG kahalagaha'y aktuwal na magsisimulang mabawasan. Kung ang isa'y magtutuon sa Mensahero, siya'y maniniwala na ang kaligtasa'y darating dahil lang sa siya'y naniniwala sa Mensahero. Ang patuloy pang pag-unlad ng taong yun ay titigil dahil siya'y nakagawa ng maling pagpili. Yun ang problema sa pagtutuon sa Mensahero, kahit importante man SIYA.
>>Ang ebanghelyo'y hindi ispesipikong nagtutuon kay KRISTO, bagama't hindi natin gustong balewalain ang malaking parteng KANYANG ginagampanan. Ang proseso'y umiikot sa palibot NIYA, bagama't ang ultimong layunin ay matatapos kung kailan KANYA nang ihahatid ang Kaharian sa AMA (I Corinto 15:24). Ang Mensahero'y naging Punong Saserdote (*High Priest*), at tayo'y naligtas sa pamamagitan ng KANYANG buhay. Ang Kristiyanismo'y kailangang lumampas pa sa katotohanang SIYA ang Mensahero. SIYA ngayon ay Punong Saserdote sa langit. At bagama't SIYA'y Punong Saserdote, tayo'y may mga pagpiling dapat gawin kaugnay ng Kaharian ng DIYOS.
>>Ganito kung bakit ang Hebreo 6:1 ay nagsasabing, "Samakatuwid, sa pag-iiwan ng pag-uusap tungkol sa panimulang mga prinsipyo ni KRISTO, tayo ay tumungo na sa kagaling-galingan." Habang tayo'y dumaraan sa proseso na sa Mensaherong pinagdaanan at magsimulang danasin anumang KANYANG naisagawa, SIYA'y lumalaki sa ating paningin, dahil ating tinatangkang gawin kung anong KANYANG ginawa at napapagtanto kung gaano kamangha-mangha at kahirap ang KANYANG ginawa talaga. Habang ating tinatangkang gayahin SIYA, ang proseso ng paglikha'y nagpapatuloy. Kung tayo'y titigil sa pagtatangkang gayahin SIYA, SIYA'y lumiliit. Kaya ito ang dahilan kung bakit tayo ay dapat na tumungo sa kagaling-galingan o *perfection*, sa pagka-kumpleto, sapagkat ang proseso'y hindi pa kumpleto sa paniniwala lamang kay HESUKRISTO.
>>Sa pagsasalita sa sambahayan ni Cornelius sa Mga Gawa 10:36-38, Si [apostol] Pedro'y nagsasabi:

"Ang salitang ipinadala ng DIYOS sa mga anak ng Israel, nangangaral ng kapayapaan sa pamamagitan ni HESUKRISTO --- SIYA ay PANGINOON ng lahat --- ang salitang iyon ay inyong alam, na nai-proklama sa buo't kalahatang Hudea, at nagsimula buhat sa Galilea matapos ang pagbibinyag na kay Juan [Bautistang] ipinangaral: kung paanong ang DIYOS ay pinahiran si HESUS ng Banal na Espiritu at ng kapangyarihan, na SIYANG humayo sa paggawa ng mabuti at nagpapagaling sa lahat na sinisiil ng demonyo, dahil ang DIYOS ay kasama NIYA."

>>Ang isiping ito'y sinasagot sa Marcos 1:14-15, pinatototohanan kung ano "ang salitang sa DIYOS na ipinadala". "Ngayong pagkatapos na si Juan ay mailagay sa piitan, si HESUS ay dumating sa Galilea, ipinapangaral ang ebanghelyo ng Kaharian ng DIYOS, At nagsasabing, 'Ang panahon ay naisakatuparan na, at ang Kaharian ng DIYOS ay narito na. Magsisi, at maniwala sa ebanghelyo.'" Anong

linaw! Si HESUS ay nangaral ng magandang balita ng Kaharian ng DIYOS.

## Ang Kapangyarihan ng Ebanghelyo

>>Sa pagbabalik sa II Timoteo 1:10, si Pablo'y nagsusulat tungkol sa pagsaksi ng ating PANGINOON, ang ebanghelyo, "Subalit [ang KANYANG layunin] ang ngayon ay nahayag na sa pamamagitan ng paglitaw ng ating Tagapagligtas na si HESUKRISTO, na SIYANG nagbuwag sa kamatayan at nagdala ng buhay at imortalidad sa kaliwanagan sa pamamagitan ng ebanghelyo." Anong makapangyarihang mga salita! SIYA'y nagdala ng buhay at imortalidad. Tayo'y may buhay --- mortal na buhay --- ngunit hindi imortalidad. Pwede bang ang 'buhay', sa konteksto ng salitang 'imortalidad', ay maging ibang uri ng buhay kaysa sa atin ngayong ipinamumuhay? Tayo'y dapat na nasa daan na upang ipamuhay ang ganitong bagong buhay na dinala ng ebanghelyo. Subalit hindi ito ang uri ng buhay na sa mga tao'y karaniwang ipinamumuhay.
>>Anong klaseng handog ang imortalidad na magbibigay ng walang hanggang buhay doon sa mga pumapaslang, nanggagahasa, nandarambong, nangungurakot, nang-aabuso ng mga bata, o namumuhay sa iba pang kasalanan? Kung sila'y mabibigyan ng imortalidad, hindi ba't sila'y magpapatuloy na gumawa ng mga bagay na sila'y nasanay na mula pa sa pagkabatang gawin? Walang duda, sila'y magpapatuloy.
>>Ang buhay na kay Pablong isinasalaysay ay yung uri ng buhay na sumasaati't dumaraan sa mensahe ni HESUKRISTO. Nakapaloob sa ebanghelyo ang buhay ng DIYOS, isang kalidad ng buhay na ipinamumuhay ng DIYOS na siya NIYANG gustong dagdagan ng imortalidad. Ito ay makapangyarihang bahagi ng magandang balita ng Kaharian ng DIYOS. Si Pablo'y nagsaad sa naunang mga liham, "Sapagkat aking hindi ikinahihiya ang ebanghelyo ni KRISTO, sapagkat ito ang kapangyarihan ng DIYOS tungo sa kaligtasan" (Roma 1:16). At ang handog na Espiritung ibinigay ng DIYOS ay kapangyarihan (II Timoteo 1:7).
>>Ano ang ebanghelyo? Ito'y mga salita lamang, mga ideya. Subalit ang mga salitang iyon ay nagbibigay ng kapangyarihan! Ang mga yun ay gumaganyak sa ating buhay. Ang mga yun ay nagbibigay sa atin ng kagustuhang gawin ang mga bagay nang makatuwiran. Ang mga yun ay nagbibigay sa atin ng sigabo, pagpapakasakit, tiyaga, pagbabata, pag-asa, pananampalataya, pang-unawa, kaamuan, kabutihan, kabaitan, pananaw, direksyon. Ang mga yun ay nagbibigay ng landas para sa ating buhay, ng paraan ng pamumuhay na nakapagtatamo ng kalidad ng buhay na siyang daragdagan ng DIYOS ng imortalidad. Ang DIYOS ay sinasanay tayo sa KANYANG paraan ng pamumuhay.
>>Ang doktrina'y nagpapasya kung anong itututuro ng Iglesya. Kung tayo'y lalayo sa totoong doktrina, ang resulta'y hindi kaayon ng sa DIYOS na layunin. At ang ganito'y posibleng gawin kahit ng isang relihiyosong tao, at kaya naman ang DIYOS ay hindi bibigyan ang taong yun ng walang hanggang buhay. Bilang katibayan noon, alalahanin kung anong kay HESUS na sinabi sa mga Phariseo, "Mga ulupong, inakay ng mga ahas! Paano kayo makakatakas sa kaparusahan ng impiyerno?" (Mateo 23:33). Ang DIYOS ba'y bibigyan yung mga Phariseo ng buhay sa Kaharian ng DIYOS? Malabong magkaganoon. Sila'y nangamatay at bubuhaying pisikal na muli, at saka sila magkakaroon ng pagkakataong magsipagsisi.

## Ang Mabuting Manggagawa

>>Si Pablo sa II Timoteo 2 ay naglalarawan ng ulirang pagtalima (*ideal response*) sa ebanghelyo na gamit ay tila litrato't makabuluhang mga metaporiko (*metaphors*). Ang payong manangan sa ebanghelyo ay nagpapatuloy mula sa nakaraang kabanata. Dahil ang DIYOS ay nag-aalala kung anong kalalabasan ng ating buhay, KANYANG nais na tayo'y magkaroon ng tamang pagsasanay. Kung tayo'y may tamang pagsasanay, batay na ganap sa ebanghelyo, ito'y mapapakintal sa ating kalikasan habang panahon. Anumang paglinsay mula sa tama't ganitong pagsasanay ay makaka-apekto sa panghuling resulta, nangangahulugang tayo'y hindi magiging kalarawan ni HESUKRISTO na KANYA sanang nais na sumaatin (Colosa 3:10).

"Kaya ikaw, anak ko, ay maging marubdob sa pagpapalang na kay KRISTO HESUS. At ang mga bagay na iyong narinig mula sa aking kasama ng maraming mga saksi, ipagkatiwala sa matapat na mga taong makakapagturo sa iba pa. Ikaw samakatuwid ay dapat magpakasakit sa hirap bilang mabuting kawal ni HESUKRISTO. Wala sinumang kasali sa pakikidigma ang nagsasalabid sa kanyang sarili sa mga kaabalahan ng buhay, nang kanyang mabigyan ng kasiyahan SIYA na kumuha sa kanya bilang kawal" (II Timoteo 2:1-4).

>>Ang kay Pablong ipinag-aalala'y nasa ikaliligaw [ni Timoteo at natin] sa mga alagataing nakakalimita sa panahong dapat nating iukol sa DIYOS at sa KANYANG landas sa ating pang-araw-araw na buhay.
>>"At gayundin na sinumang nakikipag-kumpitensya sa atletika, siya'y hindi makokoronahan maliban sa kung siya'y nakikipagkumpitensya ayon sa mga alituntunin. Ang masikap na magsasaka'y dapat na unang magtamo ng mga ani. Pag-isipan ang aking sinasabi, at nawa ang PANGINOON ay bigyan ka ng pang-unawa sa lahat ng mga bagay" (berso 5-7). Ang mga Kristiyano'y dapat [magtiis] magdusang tulad ng mga kawal at manatili sa mga alituntunin upang mapasali sa gantimpala, na siyang nilalayon.
>>Simula sa berso 14, si Pablo'y nagsasabi kay Timoteo kung paano siya mangangaral ng ebanghelyo. "Paalalahanan sila nitong mga bagay, pag-utusan sila sa harap ng PANGINOON na huwag makipagtalo nang walang kapararakan, na ikinasisira [kapahamakan] ng mga nakakarinig. Magsikap na maipakita ang iyong sariling katanggap-tanggap sa DIYOS, isang manggagawang hindi kailangang mahiya, na tamang pinag-aayaw-ayaw ang salita ng katotohanan" (berso 14-15). Siya'y nagsisimulang maglarawan ng dalawang magkaibang uri ng manggagawa sa kanilang kaugnayan sa ebanghelyo. Bagama't ang tagubilin ay ispesipikong nakalapat sa isang ministro, sa prinsipyo ito'y nakalapat sa bawa't isang anak ng DIYOS, na may Espiritu NIYA. Kahit ministro o miyembro, lahat ay gumagawang patungo sa Kaharian ng DIYOS.
>>Ang pariralang "tamang pinag-aayaw-ayaw ang salita ng katotohanan" ay hindi naman mali, bagkus ay tila nakakaligaw. Ang salitang larawan ay tungkol sa isang grupo ng maggagawang tumatabas ng madaraanan sa isang pook na walang mga daan. Isang pang-geometrikong batas, "ang pinakamaikling distansya sa pagitan ng dalawang punto ay ang tuwid na linya", ang nagbibigay ng kaparehong kaisipan. Si Pablo'y nagtatagubilin kay Timoteong, "Tumabas ng tuwid na linya sa iyong pagtuturo. Umiwas sa paliku-likong mga pagpilipit at mga pagpihit na hindi maintindihan ng mga tao. Pumunta agad sa buod ng isang paksain." Ngayon, atin itong sasabihing, "Gawin itong simple at totoo".

## Ang Di-maayos na Manggagawa

>>Kanyang inilalarawan ito sa pagsasabing, "Ngunit iwasan ang busong at palalong mga satsatan, dahil ang mga yun ay magpapadami lang sa higit na pagiging di-makadiyos. At ang kanilang mensahe'y kakalat na parang kanser. Sina Hymeneos at Philetos ay mga ganito, na luminsay na tungkol sa katotohanan, nagsasabing ang muling pagkabuhay ay nakalipas na; at kanilang iginugupo ang pananampalataya ng marami" (berso 16-18). Maraming nasa mga Iglesyang kay Pablong sinimulan ang nagsabing ang muling pagkabuhay ay lumipas na. Ganyang problema ang nagbibigay ng mabuting sumasalikod o *good background* upang mailarawan ang di-maayos na manggagawa.
>>Ang metaporiko'y nagbabago mula sa pagtabas ng daan papunta sa pagtudla ng palaso sa patamaan. Ang salita ng katotohanan, ang ebanghelyo, ay ang patamaan. Kung iyong itutudla ang palaso sa patamaan, isa sa tatlong bagay ang mangyayari: 1) ang palaso'y tatama sa pinakasentro; 2) ito'y medyo lilihis, pakaliwa o pakanan, pataas o pababa, pero tatama pa rin saan man sa loob ng patamaan; o 3) ito'y lubusang hindi tatama.
>>May mga Bibliyang isinasalin ang berso 18 bilang "siyang lumihis na" o "*who have swerved*" (*Revised Standard Version*), "gumalang palayo" o "*wandered away*" (*New International Version*), o "nagkamali" o "*erred* (*King James Version*) *from the truth*". Wala alinman sa mga saling ito ang kumpletong

nakakuha sa metaporiko. Kapag ika'y tumudla ng palaso, ito'y pumupunta nang deretso, pero hindi talagang deretso sa patamaan! Kung ika'y manonood sa isang tumutudla ng palaso, saan ang iyong mga mata nakatutok? Hindi ba't ang mga yun ay sumusunod sa palasong papunta sa patamaan? Iyon ang punto. Ang palaso ay ang pagtuturong ibinibigay ng guro, at kahit gaano pa katuwid niya ibigay ito, kung siya ay hindi tuwirang umaasinta sa pinakasentro ng patamaan at tumatama dito, ang mga mata ng kanyang mga tinuturuan ay hindi tututok sa tamang nilalayon!

>>Ang bigat ng responsibilidad ay nakaatang na mabigat sa ministro. Hindi lang siya dapat magbigay ng tagubiling simple at totoo, siya'y dapat ding magbigay ng tagubiling deretso sa patamaan nang ang mga tao'y di-maabala ng mga hindi totoong doktrina. Ang isang ministro'y maaaring ganap na dibdiban (*sincere*), ngunit kung siya'y magtutuon ng kanyang pagtuturo tungo sa maling nilalayon, siya'y hindi tatama sa patamaan. Sa kabutihang-palad, ang ating DIYOS ay matapat at gumagawa ng lahat ng pagsisikap upang ipihit tayong patungo sa tamang nilalayon.

>>Ang ganitong mga metaporiko at paglalarawan ay nagpapakita kung gaano ka-importante ang doktrina at ang pagkakaroon ng tamang ebanghelyo. Ang doktrina'y humuhubog sa paniniwala; ang paniniwala'y nagdedetermina ng aksyon at kalikasan. Ang pagmamaliit sa panghinaharap na mga aspeto ng ebanghelyo'y bumabago sa ating pananaw kung saan tayo patungo sa ating buhay. Ang panghinaharap na mga aspeto ng ebanghelyo'y hindi maaaring bawasan [mula] sa pagiging una (*priority*) at gawing pangalawa o pangatlo nang hindi seryosohang makokompromiso ang ating buhay-Kristiyano sapagkat ang ganito'y nag-aalis ng tamang nilalayon at nagpapalihis sa mga taong palayo sa Kaharian ng DIYOS. Kapag ang mga tao ay napalihis mula sa tamang nilalayon, ang pagtuturo ng ebanghelyo ay nababago, at ang sa DIYOS na malikhaing proseso ay nagsisimulang bumagal at malamang na huminto nang tuluyan. Ang DIYOS ay nag-aalala tungkol sa doktrina dahil ito ang nagpapasya kung ano ang isang tao ngayon at kung magiging ano siya sa hinaharap. Habang isinasabuhay niya ito, lalo itong nagtutumiim sa kanyang buhay at sa katagala'y nagiging di-na mabuburang kasanib ng kanyang kalikasan. Kung magkagayon ang DIYOS ay may pagpipilian, ang bigyan siya ng imortalidad, o ipaubaya siya sa Lawa ng Apoy. Kahit gaano pa katuwid ang ating paghabol sa ating mga hinahangad sa buhay, kung tayo'y nakatutok sa maling nilalayon, tayo'y hindi makakapagtamo ng uri ng buhay -- ng kalikasan -- na gusto ng DIYOS sa KANYANG Kaharian. Ang wastong doktrina'y panghabampanahong ikabubuhay!

## Ano ang Kaligtasan?

>>Ang ebanghelyo ang nagtatakda ng tamang nilalayon at ng tamang itinuturo na nagbibigay kakayahan sa atin upang magkaroon ng buhay sa Kaharian ng DIYOS. Sa puntong ito si Juan sumusulat, "Masdan kung anong uri ng pag-ibig ang ibinigay sa atin ng AMA, na tayo ay tatawaging mga anak ng DIYOS! Kaya naman ang mundo ay hindi tayo nakikilala, sapagkat ito'y hindi nakakakilala sa KANYA. Mga minamahal, ngayon tayo'y mga anak ng DIYOS; at hindi pa napapalitaw kung tayo'y magiging ano, ngunit ating nalalamang kapag SIYA'y nahayag na, tayo'y magiging katulad NIYA, dahil atin SIYANG makikita bilang SIYA na. At bawa't isang may ganitong pag-asa sa KANYA ay nagpapadalisay sa kanyang sarili, kagayang SIYA ay dalisay" (I Juan 3:1-3).

>>Ang nilalayon ay kaligtasan, isang konseptong nangangailangang masagip mula sa mumunting mga ideyang ipinapalagay ng tao dito. Ang Protestanteng relihiyon ay nagpasama sa kahulugan nito sa pagsasalita tungkol dito nang halos walang tigil. Subalit ang kaligtasan ay isang napakamaringal na ideya! Dito'y nakapaloob ang komprehensibong proseso ng sa DIYOS na layunin na sa pamamagitan nito'y KANYANG binibigyang katuwiran, ihinihiwalay at pinagpapanibago ang KANYANG mga anak. Si Juan ay nagpapakita ng pagpapanibago. Ang DIYOS ay ginagawa ito sa pamamagitan ng pagtawag sa atin, pinagkakalooban tayo ng pagsisisi, pinapatawad ang ating mga kasalanan, tinatanggap tayo bilang makatuwiran sa KANYANG paningin pagkaraan kay KRISTO, at kapagkuwa'y progresibong binabago tayong gamit ang KANYANG kamangha-mangha't malikhaing

kapangyarihan, sa pamamagitan ng KANYANG Espiritu, patungo sa anyo ng KANYANG ANAK, hanggang tayo'y maging kagaya ni KRISTO, naisilang bilang Diyos, may bagong mga katawan sa isang bagong daigdig, ang bagong kalangitan at ang bagong daigdig. Ito'y pagpapalaya mula sa nakakapagpasama, hamak na pamumuhay na bumibihag sa atin dito mundo! Ito ang pagiging buhay sa Kaharian ng DIYOS, na siya nitong nilalayon!
>>Tayo dapat ay hindi kailanman magkasala ng pagmamaliit sa pagiging kagila-gilalas ng ganito kaluwalhating kaligtasan.

---

# Ang Iglesya Ba Ang Ating Ina?

>>Ito'y katanungang pambuhay na umaakit sa mga nag-aaral ng Bibliya bilang pamumuhay. Sa kasawiang palad marami ang nag-akalang sila'y di-nakakaalam sa kasagutan, di-kailanman nag-aaral ng kanilang mga Bibliya upang alamin kung ang akalang ito'y lubos na nakabatay sa eskriptong mga katunayan. Ang ganitong tanong ay nangangailangan ng masusing pag-aaral at pagmumuni-muni. Marahil ay mabuting ideya na hayaang mga eskripto mismo ang sumagot sa tanong.
>>Bawa't estudyante ng Bibliya'y nakakakilala na ang mga simbolong ginagamit ng DIYOS sa Rebelasyon 12 at 17 ay kumakatawan sa isang iglesya. Ang Rebelasyon 17 ay nagpapakita ng isang babaeng nakaupo't sakay sa isang di-karaniwang hayop. Siya'y halatang gumigiya at nagbibigay-direksyon sa hayop gaya ng isang nakasakay sa kabayo. Sa kanyang bansag na ibinigay sa konteksto'y kasali ang taguring "ina ng mga pampam". Ang mga iskolar ng Bibliya'y nakakakilala dito sa simbolo bilang ang malaki't di-totoong iglesya. Subalit inyo din bang napansin na siya mismo "ang malaking puta" (*KJV*)? Ang DIYOS ay inaakusahan siya ng *fornication* o pakikipagtalik nang hindi kasal. Siya'y isang di-kasal na ina (iglesya) na nagsilang sa mga anak na babae sa labas ng matrimonya.
>>Kabaligtaran sa Rebelasyon 12 na naglalarawan ng isang babaeng nagsilang din subalit ng isang lalaking Sanggol. Kapagdaka, ang dragon ay tinangkang paslangin ang lalaking Sanggol at binuwisit ang babae. Ang dragon ay si satanas. Ang Sanggol ay halatang si KRISTO. Ang babae ay ang totoong Iglesya, inilalarawang nagpapanatili sa mga utos ng DIYOS at may pagsaksi ni HESUKRISTO. Inyo bang napansin, datapuwa, na walang pagbanggit sa kasal? Subalit, wala rin namang pagbanggit sa *fornication*. Mayroon lang na isang kasagutan. Ang babae (Iglesya) ay kasal na. Ibig sabihin ba na ang Iglesya'y buhay na bago pa kay HESUS? Ang eskripto'y hindi maaaring baliin. Oo, ito [ang Iglesya] ay buhay na.
>>Lahat tayo'y nakakaalam na si HESUS ay isinilang sa Israel, isang Hudyo. Sapagkat ang Rebelasyon 12 ay nagpapakita sa KANYA na simbolong isinilang ng isang babae (Iglesya), at sapagkat SIYA ay bunga ng isang lehitimong kasalan, ang espirituwal na kasalang iyon ay dapat naganap nang ang DIYOS ay ikasal sa Israel sa dinaanang Matandang Kasunduan. Ang Ezekiel 16:8 ay nagsasabing, '"Nang AKIN kang madaanang muli at matingnan kita, talagang ang iyong panahon ay panahon ng pag-ibig; kaya AKING ibinuka ang AKING pakpak sa ibabaw mo at tinakpan ang iyong kahubdan. Oo, AKO ay sumumpa ng panata sa iyo at pumasok sa kasunduang kasama mo, at ikaw ay naging AKIN,' wika ng PANGINOONG DIYOS." Si Esteban sa huli'y nagdagdag sa Mga Gawa 7:38, "Ito'y SIYANG nasa kongregasyon (*ekklesia*, Iglesya) sa parang…." Ang Iglesya, na ating ina, ay malinaw na buhay na bago pa ang sa Bagong Tipang kapanahunan.

### Ang Jerusalem sa Itaas

>>Kasama ang sumasalikurang ito, ay atin ngayong tingnan ang Galacia 4:25-26. "Dahil itong si Hagar ay Bundok Sinai sa Arabia, at katumbas ng Jerusalem sa ngayon, at naa-aliping kasama ng kanyang mga anak --- subalit ang Herusalem sa itaas ay malaya, na siyang ina

nating lahat." Inyo bang nakuha yun? Ang Herusalem sa itaas ang ating ina. Ang ating ina ay isang espirituwal na katunayan, hindi ginawa-ng-taong korporasyon na may punong tanggapan (*headquarters*) kung saang dako dito sa mundo. Ang mga miyembro nito'y lahat ng may Banal na Espiritu ng DIYOS (Roma 8:12-17). Bilang ganyan, ito'y hindi nakagapos sa isang pantao sa pagkakilala't korporasyong organisasyon. Sapagkat ito'y isang espirituwal na katunayan, nagsasagawa ng tungkulin mula sa isang punong tanggapan sa makalangit na Herusalem, ang mga pultahan ng libingan (*gates of hell*) ay hindi kailanman mananagumpay laban dito (Mateo 16:18). Kung ito'y isang pisikal na umiiral (*entity*) lamang, ito'y di-kailanman tatagal dahil ang nagkakasalang tao'y wawasakin ito, kung hindi mula sa loob ay [mula] sa labas.
>>Pansinin kung paano si Pablo magdagdag sa ganitong konsepto. Sa Epeso 2:6: "… at itinayo tayong magkakasama, at ginawang tayo'y mapalikmong magkakasama sa makalangit na mga pook kay KRISTO HESUS…." Sa Filipo 3:20: "Sapagkat ang ating pagka-mamamayan ay nasa langit, kung saan mula doon ay atin ding sabik na hinihintay ang Tagapagligtas, ang PANGINOONG HESUKRISTO." Sa Hebreo 12:22-23: "Bagkus kayo'y lumapit sa Bundok Zion at sa lungsod ng buhay na DIYOS, sa makalangit na Herusalem, sa di-mabilang na samahan ng mga anghel, sa pangkalahatang asembliya at Iglesya ng panganay na nakatala sa langit, sa DIYOS na Hukom ng lahat, sa mga espiritu ng makatarungang mga tao naging perpekto." Itong "makalangit na Herusalem, … ang pangkalahatang asembliya at Iglesya ng panganay" ay tiyak ding ina ng lahat ng "mga bayani ng pananampalataya", simula sa makatuwirang si Abel. Sila din ay may Banal na Espiritu ng DIYOS (I Pedro 1:11).
>>Ang elementong nagbibigkis ng Iglesya sa pagkakaisa, bagama't ito kung minsa'y malapitang mahigpit ang pagsasama at sa ibang panaho'y tila nakakalat, ay ang Espiritu ng DIYOS na nagbubunsod sa katapatan nito sa Herusalem sa itaas. May mga panahong ang mga miyembro ng Iglesyang yun ay kinakailangang lisanin ang espirituwal na lumalabnaw na organisasyon upang mapanatili ang katapatan sa DIYOS. Subalit ang DIYOS ay magpapatuloy sa pakikitungo dito at maglalaan dito kahit na ang ganoon ay nangyayari. Nang ang Judah ay humiwalay sa Israel at nagtatag ng isang malayang bansa, ang DIYOS ay patuloy na nakitungo sa kanilang pareho. Ang KANYANG mga tao'y nasa parehong bansa. SIYA'y nagpadala ng iba't ibang mga propeta sa bawa't isa. Saan ma'y walang pahiwatig na sinuman sa mga propeta'y sumailalim sa awtoridad ng alinmang ibang propeta. Walang nagsabing, "Ako lamang ang kaisa-isang sa DIYOS na ginagamit upang magsalita ng KANYANG Salita." Ang DIYOS ay kinailangang ihayag kay Elias na may pitong libo sa Israel na hindi lumuhod kay baal. Kahit mga propeta'y di-nakakamalay! Ang DIYOS ay hindi maaaring limitahan ng mga tao --- sa ilalim ng lahat ng pagkakataon --- upang gumawa lamang at dumaan sa isang organisasyon kahit sa ano pang panahon.

## "Iba Pang Mga Tupa Ako'y Meron…"

>>Si HESUS din ay nagpahiwatig nito nang maigi. Sa Juan 10:16 KANYANG sinabi, "At iba pang mga tupa AKO'y merong hindi nandito sa kawan; sila din ay AKING kukunin, at sila'y makikinig sa AKING tinig; at magkakaroon [sa hinaharap pa] ng isang langkay at isang pastol." Pagbalikan din ang isang okasyong nakatala sa Lukas 9:49-50. "Kaya si Juan ay sumagot at nagsabing, 'AMO, kami'y nakakita ng isang nagpapalayas ng demonyo gamit ang IYONG pangalan, at aming pinagbawalan siya dahil siya'y hindi sumasama sa atin.' Subalit si HESUS ay nagsabi sa kanya, 'Huwag siyang bawalan, sapagkat siya na hindi laban sa atin ay para sa atin.'" Si HESUS ay tiyak na hindi tinatanggihan ang sa DIYOS na karapatang gumawa't idaan iyon sa ibang mga indibidwal.
>>Ang apostol Pablo sa Filipos 1:15-18, nang kumprontahin ng mga lumalaban sa KANIYA, ay hindi nagsasabing ang DIYOS ay di-nagsasagawa sa kanila. "Marami talaga ang ipinapangaral si KRISTO kahit mula sa inggitan at awayan, at marami din mula naman sa mabuting hangarin: ang una'y ipinapangaral si KRISTO mula sa makasariling ambisyon, hindi sinsero, inaakalang makadaragdag ng pahirap sa aking mga tanikala; subalit ang huli'y dahil sa pag-ibig, nakakaalam na ako'y itinalaga para sa pagtatanggol ng ebanghelyo. Ano kung gayon?

Basta sa bawa't paraan, kahit sa pagkukunwari o sa katotohanan, si KRISTO'y naipapangaral; at sa ganito ako'y nagagalak, Oo, at magagalak."
>>Nang ang DIYOS ay magsimulang buksan ang ebanghelyo sa mga Hentil, SIYA muna'y nagpadala ng isang anghel kay Cornelio at saka kay Pedro. KANYANG ginawa ito na hindi kinonsulta si Pedro o humingi ng permiso sa Iglesya ng Herusalem. Ang DIYOS ay malayang gawin at magtaas ng mga tao papunta sa KANYANG kaluwalhatian sa mga pook na ganap na hiwalay mula sa organisadong grupo sa ibang pook. Pansinin ang kay Pedrong kasagutan sa pakikitungo kay Cornelio at sa kanyang sambahayan: "Sa totoo ay aking nawawatasan na ang DIYOS ay nagpapakita ng kawalang pagkatig. Bagkus sa bawa't bansa sinumang natatakot sa KANYA at gumagawa ng pagka-makatuwiran ay tinatanggap NIYA" (Mga Gawa 10:34-35).
>>Gaano ang sa DIYOS na inihahayag sa bawa't grupo, o ang lawak ng KANYANG paggamit sa bawa't grupo, ay ganap na depende sa KANYA. Ang ating pagkatawag ay mula sa itaas. At ang ating kaligtasan ay mula sa itaas din! Si KRISTO'y nagre-reserba ng karapatang gumamit sa atin ayon sa ikalulugod NIYA. Tayo ay KANYANG nabiling pag-aari na binili ng KANYANG dugo. Tayo ay KANYANG mga alipin. SIYA lamang ang makakapaggawad sa atin ng pagsisisi, makakapagbigay sa atin ng Banal na Espiritu at makakapaglagay sa atin sa KANYANG gawain na ayon sa KANYANG nakikita ay angkop. SIYA ay may katulad na karapatang gumamit kaninuman sa daigdig at magkaroon ng ilang mga gawaing umaandar nang magkakasabay.
>>Sa Rebelasyon 21:2 si Juan ay nakakakita sa pangitain ng Bagong Herusalem na bumababa mula sa DIYOS palabas ng langit. Yun ay inihanda bilang nobyang ikakasal na ginayakan para sa kanyang asawa. Doon sa berso 9 at 10 isa sa pitong anghel ay nagsabi, "Halika, aking ipapakita sa iyo ang nobyang ikakasal, ang sa KORDERONG maybahay". Siya ba'y nagpakita sa kanya ng Iglesya? Oo at hindi. Ang simbolong ginamit sa ibang lugar para sa Iglesya --- babae, nobyang ikakasal, ina at lungsod --- ay nagsanib sa isang simbolo, ang Bagong Herusalem, nakikita sa lahat nitong kaluwalhatian. Ito'y espirituwal na organisasyon. Ang bahay-bata (*womb*) na kung saan ang mga anak ng DIYOS ay pinayayabong ay ang Herusalem sa itaas. Ito ang magsisilang sa espirituwal na mga anak sa Kaharian ng DIYOS. Tayo ay tunay na saka "maisisilang mula sa itaas".
>>Sa Lukas 10:17-18, 20 isang interesanteng episodyo ang nangyayari sa pagitan ni HESUS at ng KANYANG mga disipulo. "Kaya ang pitumpu ay bumalik nang may kasiyahan, nagsasabing, 'PANGINOON, pati ang mga demonyo ay naging sakop namin sa IYONG pangalan.' At KANYANG sinabi sa kanila, '… huwag magsaya sa ganito, na ang mga espiritu ay sakop ninyo, bagkus sa halip ay magsaya dahil ang inyong mga pangalan ay nakatala sa langit.'"
>>Ang Iglesya ba ang ating ina? Oo, ngunit kung atin lamang nauunawaan na ang Iglesya ay espirituwal na organisasyong si KRISTO ang Ulo. Ang DIYOS ay hindi tayo nakikitang nasa bahay-bata ng anumang partikular na korporasyon dito sa daigdig. Ang Herusalem sa itaas ang ating totoong espirituwal na ina.

---

# Bantayan ang Katotohanan!

>>Sa maraming taon, si William Booth, ang nagtatag ng *Salvation Army*, ay nagpamalagi ng kanyang misyonaryong organisasyon, at nang siya'y namatay, ito'y umandar nang maayos. Ang istraktura at pamahalaan ay na-organisa na at ang mga doktrina'y namuo. Sa kasawiang-palad, matapos siyang mamatay, ang kawanggawa'y nagsimulang dumausdos patungong deteryorasyon (*deterioration*).
>>Ang kanyang batang anak na babaeng si

Evangeline ay nabuhay pagkatapos nang ilang taon. Nasasaksihan ang deteryorasyon, siya'y nadismaya sa kalungkut-lungkot na kawalang-katatagang pumigil sa *Salvation Army* kasunod ng sa kanyang amang kamatayan Nang siya'y namamatay na ang kanyang kasiphayuan at pagkayamot ay tila umabot na sa sukdulan. Kanyang isinaad, na resulta ng pampulitikang intriga, ng pagmamaniobra upang kumontrol, ng pag-iiba ng ilan sa kanilang mga layunin at mga doktrina, "Bakit ba ang DIYOS ay hindi nakakapagpanatili sa mga bagay na makatuwiran nang higit sa isang henerasyon?"
>>Ang DIYOS ay hindi masisisi sa ganitong paurong [na kalagayan], sabihin pa, ngunit ang kanyang may kabatirang tanong ay naglalantad ng pangkasaysayang realidad. Hindi maraming paghuhukay sa mga eskripto o sa kasaysayan ang kailangan upang makita na ang kasalukuyang sitwasyon sa Iglesya ay karaniwan sa kasaysayan ng Israel at gayundin sa Iglesya ng DIYOS.

## Ang Israel Makaraan si Josue

>>Ang sa Iglesyang karanasan sa nakalipas na dalawampu o tatlumpung taon ay naging kagaya ng sa Israel. Tulad ng mga Israelita ang Iglesya ay nakakita sa mga gawaing ginawa ng DIYOS sa pamamagitan ng KANYANG espirituwal na Israel.

"Kaya ang mga tao'y naglingkod sa PANGINOON sa lahat ng mga araw ni Josue, at sa lahat ng mga araw ng matatandang nalampasan ang buhay ni Josue, na nakakita sa lahat ng mga dakilang mga gawain ng PANGINOON na KANYANG isinagawa para sa Israel. Ngayon si Josue ang anak ni Nun, ang lingkod ng PANGINOON, ay namatay nang siya ay sandaa't sampuntaong gulang.

"Nang ang lahat ng henerasyon ay maisama na sa kanilang mga ama [nangamatay na], iba namang henerasyon ang tumindig pagkatapos nila na hindi nakakakilala sa PANGINOON ni sa gawaing KANYANG isinagawa para sa Israel. Kaya ang mga anak ng Israel ay gumawa ng kasamaan sa paningin ng PANGINOON, naglingkod sa mga baal, at kanilang tinalikdan ang PANGINOONG DIYOS ng kanilang mga ama, na SIYANG naglabas sa kanila sa lupain ng Ehipto; at sila'y sumunod sa ibang mga diyos na mula sa mga diyos ng mga taong nasa lahat ng kapaligiran nila, at sila'y yumukod sa kanila; at kanilang ginanyak ang PANGINOON na magalit…. Saan man sila pumunta, ang kamay ng PANGINOON ay laban sa kanila para sa kalamidad, gaya ng sa PANGINOONG sinabi, at gaya ng sa PANGINOONG naisumpa sa kanila. At sila'y lubhang namighati.

"Kaya ang PANGINOON ay nagtindig ng mga hukom na siyang nagpalaya sa kanila buhat sa kamay ng mga nandambong sa kanila. Ngunit sila'y hindi nakinig sa kanilang mga hukom, bagkus sila'y gumawing mga pampam kasama ng ibang mga diyos, at yumukod sa kanila. Sila'y pumihit na madali mula sa daang nilakaran ng kanilang mga ama, sa pagsunod sa mga utos ng PANGINOON; sila'y hindi gumawa ng ganoon. At nang ang PANGINOON ay nagtindig ng mga hukom para sa kanila, ang PANGINOON ay kasama ng hukom at pinalaya sila buhat sa kamay ng kanilang mga kaaway sa lahat ng mga araw ng hukom; sapagkat ang PANGINOON ay nahabag sa kanilang pagdaing dahil sa mga umaapi at lumiligalig sa kanila. At makalipas yun, nang ang hukom ay patay na, sila'y nagsibalik at nagsa-ugali nang higit pang masama kaysa kanilang mga ama, sa pamamagitan ng pagsunod sa ibang mga diyos, upang paglingkuran sila at yumukod sa kanila. Sila'y hindi tumigil mula sa kanilang mga ginagawa ni sa kanilang kasutilang gawi" (Mga Hukom 2:7-8, 10-12, 15-19).

>>Mula sa kahit na pahapyaw na pag-aaral ng kasaysayan ng Israel, kitang kita na ang ganitong pagdausdos tungo sa lubusang apostasya (*apostasy*) ay nangyari nang madalas sa mga tao ng DIYOS. Ang Israel ay palagiang sumunod sa padron ng balik-buhay, apostasya, kaapihan at paglaya (*revival, apostasy, oppression and deliverance*).

## Sina Othniel, Ehud, Deborah

>>Ang panahon ng mga hukom ay sapat nang naglalarawan sa ganitong inog (*cycle*):

"Kaya ang mga anak ng Israel ay gumawa ng kasamaan sa paningin ng DIYOS. Kanilang nalimutan ang PANGINOON nilang DIYOS, at naglingkod sa mga baals at mga asherah…. Ang Espiritu ng PANGINOON ay dumating kay [Othniel], at kanyang hinukuman ang Israel. Siya ay nakidigma, at ang PANGINOON ay ibinigay si Cushan-Rishataim, hari ng Mesopotamia sa kanyang kamay; at ang kanyang kamay ay nangibabaw kay Cushan-Rishataim. Kaya ang lupain ay nakapamahinga nang apatnapung taon. Saka si Othniel na anak ni Kenaz namatay" (Mga Hukom 3:7, 10-11).

>>Pagkatapos na si Othniel ay mamatay, ang mga tao'y bumalik sa paganismo, kaya ang DIYOS ay tinawag si Ehud upang hukuman ang Israel. Kanyang tinuwid sila, at sila'y nagkaroon ng mga apatnapung taon, humigit-kumulang na isang henerasyon, nang ang bansa'y sumagana. Saka si Ehud namatay at ang Israel ay muling naging deteryorado. "Nang si Ehud ay patay na, ang mga anak ng Israel ay muling gumawa ng kasamaan sa paningin ng PANGINOON. Kaya ang PANGINOON ay ibinenta sila sa kamay ni Jabin hari ng Canaan, na naghahari sa Hazor" (Mga Hukom 4:1-2).
>>Noong panahon pagkatapos ni Ehud, ang DIYOS ay ginamit si Deborah at Barak upang tanggalin ang kamay ng nang-aapi, si Jabin ng Hazor. "Kaya ang lupain ay nakapamahinga nang apatnapung taon" (Mga Hukom 5:31).
>>Ang Israel ay hindi pa rin natuto ng kanilang liksyon. "At ang mga anak ng Israel ay gumawa ng kasamaan sa paningin ng PANGINOON. Kaya ang PANGINOON ay ibinigay sila sa kamay ng Midian nang pitong taon" (Mga Hukom 6:1). Saka ang DIYOS ay tinawag si Gideon, at ang lupain ay nagkaroon ng kapayapaan sa lahat ng mga araw ni Gideon (Mga Hukom 8:28).

## Ang Panahon ng mga Hari

>>Ang sa Israel na palaging pagbabalik-sama ay hindi tumigil sa aklat ng Mga Hukom. Ang proseso'y nagpatuloy sa panahon ng mga hari, humahantong sa pagkakabihag kapwa ng Judah at Israel.
>>Ang DIYOS ay nilahiran si David bilang hari, at ang bansa'y lumaki at sumagana. Ang Israel ay nagkaroon ng kapayapaan at kasaganaan. Ngunit si David ay namatay at si Solomon ang napunta sa kapangyarihan. Ang bansa'y may malaking kayamanan, ngunit ang kanilang lipuna'y lumubha sa pagdaraan ng kay Solomong paghahari. Kaagad ng kay Rehoboam na pag-akyat sa trono, ang Israel ay nahati sa dalawang bansa: ang sampung-tribu ng Israel sa hilaga at ang Judah sa ibaba.
>>Ang ganitong proseso'y naulit noong panahon ni Hezekiah:

"Si Hezekiah ay naging hari nang siya'y dalawampu't limang taong gulang, at siya'y nagharing dalawampu't siyam na taon sa Herusalem. Ang sa kanyang inang pangalan ay Abijah na anak ni Zechariah. At kanyang ginawa kung anong wasto sa paningin ng PANGINOON, ayon sa lahat ng sa kanyang amang si David na ginawa" (II Mga Pagtatala 29:1-2).

>>Si Hezekiah ay pambihirang tao. Di-tulad ng karamihan sa mga hari ng Judah, ang DIYOS ay ikinukumpara siyang paborable kay David. Ang kanyang katapatan at ang kanyang mga pagsisikap na ipihit ang Judah pabalik sa DIYOS ang tumiyak sa ganitong papuri.
>>Sa unang taon ng kanyang paghahari, sa unang buwan, kanyang binuksan ang mga pintuan ng tahanan ng DIYOS at kinumpuni ang mga iyon. Saka niya dinala ang mga pari at ang mga Levita, at tinipon sila sa Silangang Parisukat (*East Square*), at sinabi sa kanila: "Pakinggan ako, mga Levita! Ngayo'y ihiwalay ang inyong mga sarili [ihiwalay ang sarili ninyo, linisin ang sarili ninyo, sumunod sa DIYOS gaya ng ipinag-uutos sa Leviticus], ihiwalay ang tahanan ng PANGINOONG DIYOS ng inyong mga ama, at dalhing palabas ang basura mula sa banal na pook.

"Sapagkat ang ating mga ama ay lumabag at gumawa ng kasamaan sa paningin ng PANGINOON nating DIYOS; kanilang tinalikdan SIYA, ibinaling ang kanilang mga mukhang palayo sa pinananahanan ng PANGINOON, at tinalikuran nila SIYA. Kanila ding isinara ang mga pinto ng pasilyo, hindi pinag-ilaw ang mga lampara, at hindi nagsindi

ng insenso o nagsunog ng mga alay sa banal na pook para sa DIYOS ng Israel.

"Samakatuwid ang poot ng PANGINOON ay naibagsak sa Judah at Herusalem, at KANYANG ibinigay sila sa pagkabagabag, sa pagkamangha, at sa panunudyo, gaya nang inyong nakikita ng inyong mga mata. Sa katunayan, dahil dito ang ating mga magulang ay pinalugmok ng tabak; at ang ating mga anak na lalaki, at ang ating mga anak na babae, at ang ating mga maybahay ay nasa pagkabihag. Ngayo'y nasa aking puso na gumawa ng isang kasunduang kasama ng PANGINOONG DIYOS ng Israel, nang ang KANYANG mabalasik na poot ay maipihit na palayo mula sa atin.

"Aking mga anak [alalahanin, ang Iglesya ay isang kaharian ng mga pari, na ang mga Levita ay ka-uri lamang (I Pedro 2:5,9)], huwag maging pabaya ngayon, sapagkat ang PANGINOON ay pinili kayong tumayo sa harapan NIYA, upang maglingkod sa KANYA, at nang kayo ay magsilbi sa KANYA at magsindi ng insenso" (II Mga Pagtatala 29:3-11)

>>Bagama't ang kay Hezekiang mga reporma ay isinagawang pisikal, ang prinsipyo ng dalawahan (*duality*) sa loob ng Bibliya'y nagmumungkahi na ang kanyang mga aksyon ay may espirituwal na mga pakahulugan. Ang hari'y nag-utos sa mga Levita na gawin ang kanilang mga sariling angkop para sa pantemplong mga paglilingkod. Kanila kapagkuwang nilinis din ang templo. Muli niyang pinagtibay ang mga pari sa kanilang marapat na mga posisyon, nagpapatupad sa harap ng DIYOS para sa mga tao ng Israel, at muli niyang itinakda ang ispesipiko't pang-Leviticong mga tungkulin gaya ng pagsisindi ng insenso at paggawa ng mga pagsasakripisyo. Yun ang mga pauna sa mga pangyayaring magaganap nang ang DIYOS ay gumawa ng Bagong Kasunduang kasama ang espirituwal na Israel, ang Israel ng DIYOS (Galacia 6:16). >>Ganyan ang panimula ng isang pagbabalik-buhay ng pagsamba sa DIYOS, ang simula ng padrong palagiang sinusunod ng Israel. Subalit kung gaano kasiguradong ang isang haring tulad ni Hezekiah ay tumindig at nagpapihit sa mga taong pabalik sa DIYOS, siya'y masusundan ng isang kagaya ni Manasseh. Ang Israel ay lulubog lalo sa idolatriya tulad ng dati.

## Sa Relihiyong Pagkawasak

"Si Mannaseh ay labindalawang taong gulang nang siya'y maging hari, at siya'y naghari nang limampu't limang taon sa Herusalem. Ngunit siya'y gumawa ng kasamaan sa paningin ng PANGINOON, kagaya ng mga karumal-dumal sa mga bansang itinaboy ng DIYOS na kaharap ang mga anak ng Israel.

"Dahil kanya muling itinayo ang mataas na mga lugar na winasak na ni Hezekiah na kanyang ama; kanyang itinayo ang mga altar para sa mga baals, at gumawa ng kahoy na mga imahen; at kanyang sinambang lahat na mga nakikita sa langit at nanilbihan sa kanila. Siya din ay gumawa ng mga altar sa tahanan ng PANGINOON, na ang PANGINOON ay sinabing, 'Sa Herusalem paroroon ang AKING pangalan magpakailanman'. At siya'y gumawa ng mga altar para sa lahat na mga nakikita sa langit sa dalawang patyo ng tahanan ng PANGINOON.

"Gayundi'y kanyang kinusa na ang kanyang mga anak na lalaki'y dumaan sa apoy sa Lambak ng Anak na lalaki ni Hinnom; siya'y gumawa bilang manghuhula, gumamit ng pangkukulam at panggagaway, at sumangguni sa mga tagapamagitan (*medium*) at espiritista. Siya'y gumawa ng maraming kasamaan sa paningin ng PANGINOON, na gumanyak sa KANYANG magalit. Siya pati ay naglagay ng nililok na imahen, ang idolong kanyang ginawa, sa tahanan ng DIYOS, na ang DIYOS ay sinabi kay David at kay Solomong kanyang anak, 'Na sa tahanang ito at sa Herusalem, na AKING pinili sa lahat ng mga tribu ng Israel, AKING ilalagay ang AKING pangalan magpakailanman….' Kaya si Manasseh ay nagbuyo sa Judah at sa mga naninirahan sa Herusalem na gumawa ng higit pang kasamaan kaysa mga bansang nilansag ng DIYOS na kaharap ang mga anak ng Israel" (II Mga Pagtatala 33:1-7, 9).

Si haring Manasseh ay nagwasak ng pagsamba

sa totoong DIYOS. Gaya ng karaniwang nangyayari kapag ang namumuno ay masama, ang bansa ay nawasak din. Kung anong itinala ng DIYOS dito ay may pakahulugan sa Bagong Kasunduan. Bagama't ang ganito'y nangyaring karnal sa mga taong napapailalim sa Lumang Kasunduan, yun ay naitala para babalaan ang mga nasa ilalim ng Bagong Kasunduan (I Corinto 10:11). Ang parehong mga pagkakamali ay hindi na dapat maulit.

## Ang Proseso ng Apostasya

>>Ang maikling mga saad sa Mga Hukom at II Corinto ay nagkikimis kung anong nangyari nang di-mabilang na beses sa Israel, ngunit kanilang kinakaligtaan ang marami tungkol sa proseso ng apostasya. Ang mga salaysay ay nagpapakita lamang na ang Israel ay lumisan sa DIYOS, na sila'y pumaling sa pagsamba ng mga baal. Datapuwa, isang pangyayari sa Matandang Tipan ang partikular na naglalarawan sa landas na patungo sa apostasya.
>>Ang proseso'y pinaka-mauunawa sa pamamagitan ng prinsipyo ng sanhi at epekto (*cause and effect*). Nang ang Israel ay sumamba sa ibang mga diyos, yun ay gumawa ng epekto. Ang epekto ay siyang bungang ginawa ng sanhi, at kahit na hindi-maipakilala ang sanhi, ang mga bunga'y malinaw na nakikita. Ang mga bunga'y ebidensya, katibayan, ng kalidad ng sanhi. Kung kukunsiderahin ang bungang nagawa ng anumang desisyon, makakasiguro kung paano ang reaksyon dito.
>>Ang insidente ng Ginintuang Guya ay nagagawa na ang proseso'y mapalinaw. Ang Israel ay natakasan ang Ehipto mga ilang buwan lang bago ang pangyayaring ito. Kaagad na nilang nakita ang mga salot na nagwasak sa Ehipto, nasaksihan ang paghihiwalay ng *Red Sea*, nakakain ng *manna* at nakarinig sa DIYOS mismong nagsalita mula sa Bundok Sinai. Gaano kabilis silang nag-iba ng daang ibinigay ng DIYOS kay Moises at kanya namang ibinigay sa mga tao!
>>Ito'y pakay na leksyong natetеleskopyo sa ilang mga berso, kaya ang esensya nito'y madaling mahiwatigan at maunawaan. Walang duda, ang insidente'y nabukadkad ilang sanlinggo ang katagalan, ngunit ngayon ang proseso'y nangyayari nang mas mabagal, posibleng sa loob ng isang dekada.

"Kaya nang ang mga tao'y nakitang si Moises ay nababalam sa pagbaba mula sa bundok, ang mga tao'y nagtipong magkakasama papunta kay Aaron, at sinabi sa kanya, 'Halina, igawa kami ng mga diyos na siyang mangunguna sa amin; dahil itong Moises na ito, ang taong nagdala sa ating palabas ng lupain ng Ehipto, hindi natin alam kung anong nangyari sa kanya'. At si Aaron ay nagsabi sa kanila, 'Tanggalin ang ginintuang mga hikaw na nasa mga tainga ng inyong mga maybahay, mga anak na lalaki, at mga anak na babae, at dalhin ang mga iyon sa akin'. Kaya lahat ng mga tao'y nagtanggal ng ginintuang mga hikaw na nasa kanilang mga tainga, at dinala ang mga iyon kay Aaron.

"At kanyang tinanggap ang ginto mula sa kanilang kamay, at kanyang hinugisan ito ng panlilok na gamit, at gumawa ng minoldeng guya. Saka sila'y nagsabi, 'Ito ang inyong diyos, O Israel, na nagdala sa inyong palabas ng lupain ng Ehipto!' Kaya nang kay Aarong makita ito, siya'y gumawa ng altar sa harap nito. At si Aaron ay gumawa ng proklamasyon at nagsabing, 'Bukas ay kapistahan para sa Panginoon'. Saka sila nagsigising nang maaga kinabukasan, nag-alay ng sinunog na mga alay, at nagdala ng pangkapayapaang mga alay; at ang mga tao'y naupo upang kumain at uminom, at nagsitayo upang maglaro" (Exodo 32:1-6)

>>Si Moises ay inilagay si Aarong mamahala habang kanyang tinatanggap ang tagubilin mula sa DIYOS sa Bundok Sinai. Binibigyan siyang pasubali, si Aaron marahil ay nawalan ng paninindigan o kagitingan upang punuan ang kay Moises na posisyon nang sapat habang siya'y wala. Upang magkapanahon, siya'y humingi sa mga tao ng kontribusyon para sa simulain, umaasang mapigilan sila. Nakakaunawa sa prinsipyong "kung saan naroon ang iyong yaman, doon ang iyong puso naroroon din" (Mateo 6:21), siya'y humingi sa kanilang iabuloy ang ilan sa kanilang alahas.
>>Ang kanyang plano'y pumalya. Sila'y masigasig na nagbigay ng kanilang yaman, nagpapakita kung saan ang kanilang puso talagang naroroon. Ngayon si Aaron ay

kinailangan nang ituloy ang kasama noon, at kanya ngang ginawa.

## "Ito Ang Inyong Diyos!"

>>Isang malaking tagapag-udyok sa proseso ng apostasya ang napapaloob sa mga salitang, "Si Moises ay nabalam sa kanyang pagdating". Ang pagkabagot, pagkapagal kasama ng landasin at ang palagiang pakikipagtagisan na walang indikasyon ng kapahingahan ang lahat na kasali. Ang DIYOS ay inuulit ito sa Bagong Tipan, nang si KRISTO'y magbabala na yung masamang katulong ay nagsasabing, "Ang aking amo ay binabalam ang Kanyang pagdating" (Mateo 24:48; Lukas 12:45). Ang DIYOS ay nagbibigay-diin dito sakaling ang sa KANYANG mga anak na pagbabata'y magsimulang manlupaypay. Ayaw NIYANG kahit sino'y luminsay papunta sa maraming nakaka-engganyong pang-abala sa nakapaligid na kultura.
>>Sa kasawiangpalad, ganoon ang siyang nangyari. Ang pagkabagot at ang pagkapagal sa kanilang pakikipagtagisa'y nagbunsod sa mga Israelitang alisin ang kanilang mga paningin sa Pangakong Lupain, na kanilang inaadhika. Sa halip, sila'y nagtuon sa mas nakaka-engganyo at pampasiglang mga gawi buhat sa mundo na kanilang katatapos lang iwan.
>>Ang susi sa prosesong ito ay natatagpuan sa berso 4 at 5, sa mga salitang, "Ito ang inyong diyos, O Israel" at "si Aaron ay gumawa ng proklamasyon at nagsabing, 'Bukas ay kapistahan para sa Panginoon'". Ang DIYOS ba'y masasamba kahit anong porma basta ito'y patungkol sa PANGINOON? Ang ganoon ba'y nakalulugod sa DIYOS? Ang ganoon bang pagdiriwang ay naging kapistahan sa PANGINOON dahil isang may awtoridad na tulad ni Aaron ang nagproklama noon? Ang DIYOS ba'y nalugod nang ang KANYANG mga tao'y sinamba SIYA sa paraang iba kesa doon sa KANYANG iniatas? Ang sa DIYOS na reaksyon sa kanilang ma-idolatriyang mga kapistaha'y malinaw na nagpapakitang sila'y nalinsay mula sa KANYANG naiparating sa kanila sa pamamagitan ni Moises (Exodo 32:10).
>>Ang sa mundong mga theologo (theologians) ay nagtataguri sa ganitong prosesong sinkretismo (*syncretism*), na ang ibig sabihin ay "ang kumbinasyon ng iba't ibang porma ng paniniwala o gawi; ang pagsasanib ng dalawa o higit pang orihinal na mga porma". Ang insidente ng Ginintuang Guya ay naghahalo ng pagsamba sa totoong DIYOS kasama ang pagsamba sa di-tunay na diyos, at ang resulta'y naiproklama bilang pagsamba na ina-aprubahan ng totoong DIYOS.
>>Gaya ng inaasahan, ang DIYOS ay nagngitngit sa mga tao dahil sa pagpapakilala nang sa sarili nila [lamang] sa kalikasan ng diyos na kanilang nais na sambahin. Kanilang pinipigilan ang DIYOS ng kalangitan na ipakilala ang KANYANG sariling kalikasan gaya ng naihahayag ng KANYANG mga batas, ng KANYANG landasin, at ng KANYANG mga aksyon para at laban sa kanila. Ang kanilang karanasang kasama ng ganitong mga bagay ay makakapagturo sa kanila tungkol sa KANYA. Sa halip, sila'y nagpasyang ipakilala ang kalikasang iyon, at pumili sa porma ng toro, isang diyos na karaniwang sinasamba sa Ehipto.
>>Ang DIYOS ba ay toro? Sabihin pa'y hindi! Ang DIYOS ba ay limitado sa kung ano lang na pwedeng gawin ng toro? Sabihin pa'y hindi! Sa modernong kaisipan ang pagsamba sa toro'y tila kalokohan at kalulan, ngunit ang espirituwal na leksyong kalahok ay seryoso. Ang esensya ng idolatriya ay ang pagpapakilala sa kalikasan ng DIYOS, hindi ayon sa KANYANG Salita, bagkus ayon sa pantaong karanasan at ideya.
>>Ano ang epekto ng sa taong pagpapakilala sa DIYOS ayon sa kanyang sariling mga huwaran? Ang kanyang diyos ang siyang nagtitiyak sa kanyang pamantayan. Ang mga pamantayang ito'y kaagad mawawari sa kanyang asal, na makaka-angat lang na kasintaas ng kanyang diyos, gaya ng isinasahalimbawa sa Exodo 32:6: "Saka sila nagsigising nang maaga kinabukasan, nag-alay ng sinunog na mga alay [isang porma ng pagsamba], at nagdala ng pangkapayapaang mga alay [nagpapahiwatig ng samahang nakapagitan sa DIYOS, sa pari at sa nag-aalay]; at ang mga tao'y naupo upang kumain at uminom, at nagsitayo upang maglaro".
>>Gaya ng maaaring maguni-guni, sila'y hindi magkakasama sa pangkaraniwang pagkain at pag-inom at paglalaro. Sila'y hindi naghahagis ng bola sa paligid, sila'y hindi nag-aasinta ng bola palusot sa anilyo (hoop), ni hindi sila sumisipa ng bola sa paligid ng palaruan. Sila'y

naglalaro! Ang mga taong yun ay kalahok sa masiba, langong kahalayan! Ang "laro" ay nagpapahiwatig ng pang-mag-asawang mga haplusan --- pagtatalik nang di-kasal at pangangalunya (*fornication and adultery*)!
>>Ang simbolo'y malinaw. Kung kailan ang kalikasan ng totoong DIYOS ay di-tunay na ipinakilala, ang epekto'y magiging espirituwal na pangangalunya. Magkakaroon ng pagkasira, ng pagkabulok, ng lipunang naipapahayag ng sa mga taong asal. Papalubog na mga pamantayan at pangmoralidad na kapabayaan ang bungang nagagawa. Sumusulat tungkol sa Kristiyanismo noong ikalawang dantaon, ang mananaysay (*historian*) na si Will Durant ay pumunang, "Malaki sa mahirap na alituntuning ito [ng kaasalan, na siyang gawi ng pang-apostol na Iglesya] ay nakapanaguri (*predicated*) sa maagang pagbabalik ni KRISTO. Habang ang pag-asang iyon ay kumukupas, ang tinig ng laman ay natayong muli, at ang sa Kristiyanong moralidad ay lumundo" (Si Cesar at Kristo, salin mula sa *Caesar and Christ*, p. 599)
>>Ang DIYOS ay hinawakan ang sa Israel na kahalayan sa Sinai nang mahigpit, ngunit sa kasawiang palad, ang Israel ay nabigong matutunan ang leksyon. Sila'y di-kailanman nakaunawa sa prinsipyo ng pagsamba sa DIYOS ayon sa KANYANG naitagubilin. Sa katunayan, ang gayon ay humantong sa kanilang pagkawasak at pagkabihag.

## Paghuhukom sa Judah at Israel

>>Si Amos ay humula sa Israel noong bandang 760 *B.C*., mga apatnapung taon bago sila nadala sa pagkabihag. Ang unang dalawang kabanata ng aklat ay naglalarawan sa DIYOS na paghuhukom sa Israel at Judah at sa Hentil na mga bansang nakapaligid sa kanila. Ang DIYOS ay nagpapakita na ang batayan ng paghusga sa Hentil na mga bansa ay iba kesa doon para sa Israel at Judah. KANYA lamang na hinuhusgahan ang Hentil na mga bansa dahil sa hindi nila pagiging moral na mga tao. Sinumang tao'y dapat na nakakaalam na may mga aksyong hindi moral, tulad ng pagpaslang sa iyong kapatid, pagnanakaw at pagsisinungaling. Sila'y hinusgahan dahil sa mga aksyong si Pablo'y nagsasabing kahit na mga Hentil ay nakakaalam na mali (Roma 2:13-15).
>>Ang mga Israelita, datapuwa, ay hinuhusgahan batay sa kasunduang kanilang ginawa kasama ang DIYOS. KANYANG hinuhusgahan sila ayon sa espirituwal sa halip na pisikal na mga bagay. Bakit? Sila ay dapat nakaalam nang mas mabuti. "Kaninumang higit ang naibigay, mula sa kanya'y malaki ang kakailanganin" (Lukas 12:48). Ang DIYOS ay nangangailangan nang higit doon sa mga gumawa ng kasunduang kasama SIYA kesa doon sa hindi. Sila'y hinuhusgahan sa pamantayan ng Batas at ng kanilang karanasang kasama ang DIYOS. "Kayo lamang ang AKING nakilala sa lahat ng mga pamilya sa daigdig; kaya naman AKING paparusahan kayo dahil sa lahat ng inyong mga kabalakyutan" (Amos 3:2). Itong berso'y nagkukumpirma na ang batayan ng paghusga sa mga Israelitang bansa ay ang kasunduan. Ang implikasyon para doon sa mga gumawa ng espirituwal na kasunduan at naging Israel ng DIYOS ay natukoy (I Pedro 4:17).
>>Si Amos ay nagsisimula sa Judah.

"Ito ang sabi ng PANGINOON: 'Para sa tatlong pagsuway ng Judah, at para sa apat, AKING di-ilalayo ang parusa nito, sapagkat kanilang inaglahi ang batas ng PANGIINOON, at hindi pinanatili ang KANYANG mga kautusan. Kanilang mga kasinungalingan ang sa kanila'y nagliligaw, kasinungalingan na siyang nilandas ng kanilang mga ama. Kaya AKO'y magpapadala ng apoy sa Judah, at ito'y lalamunin ang mga palasyo ng Herusalem" (Amos 2:4-5).

>>Ang pagkasalin sa "batas" ay nakakaligaw. Ang salita ay *torah*, at sa ganitong konteksto ito'y di-nangangahulugang kodigo ng mga alituntuning nakasulat sa isang aklat, tulad ng isang aklat ng mga batas. Ang aspetong yun ay natatagpuan sa salitang "*commandments*" (mga kautusan) o "*statutes*" (mga itinadhana), ibig sabihin ay nakasulat, na sa ganitong kaso ay, sa bato. Ang salita sa literal ay "engraved" (nakaukit). "Batas" ay pagtuturo o itinuturo, nagmumungkahi ng relasyong umiiral sapagkat ang nagtuturo ay tinuturuan ang mag-aaral.
>>Kapag ang DIYOS ay nagsasabing, "kanilang inaglahi ang batas", sa katunayan ay kanilang

iwinaksi SIYA, ang Nagtuturo. Sa epekto ay KANYANG sinasabing, "Ang relasyon ay napatid na at ngayon kayo ay sumisira sa AKING mga kautusan", ipinapakitang yun ay isang sanhi at epektong proseso (*cause and effect process*). Sakaling di-nila nakuha ang punto, KANYANG inilalarawan kung ano ang KANYANG ipinakakahulugan mula sa mga halimbawang galing sa lipunan.

## Ang mga Kasalanan ng Israel

"Ito ang sabi ng PANGINOON: 'Para sa tatlong pagsuway ng Israel, at para sa apat,AKING di-ilalayo ang parusa nito, dahil kanilang ibinebenta ang makatuwiran para sa pilak, at ang maralita para sa isang pares ng tsinelas. Sila'y humahangos kasunod ng alikabok sa daigdig na nasa ulo ng maralita, at pinapalisya ang landas ng mapakumbaba. Ang isang lalaki at ang kanyang ama'y napaparoon sa parehong babae, upang papusyawin ang AKING banal na pangalan. Sila'y nahihiga sa bawa't altar na suot ang damit na [sa kanila'y] isinanla, at umiinom ng alak ng kinondena sa bahay ng kanilang diyos" (Amos 2:6-8).

>>KANYANG inilalarawan ang tatlong malaking mga pagkakasala: ang kasalanan sa pag-iimbot (berso 6); pambabalewala at paniniil sa maralita, sa nangangailangan at sa mahina (berso 7); at walang patumanggang pagsusulong ng pansariling kapakanan (berso 8). Ang mga ito'y mga epekto ng pagwawaksi sa Guro, ang Nagtuturo.
>>Habang ang sa Israel na pagkawasak ay nalalapit, ang mga kalagayan ay lumala nang matindi. Ang mga hukuman ay tahas na balighong magkasama ang mga hukom at kasabwatang mga abugado, ibinebenta ang kanilang mga hatol sa pinakamataas bumayad! Si Amos ay nagsasabing, "Kaya ang mapag-ingat (*prudent*) ay nananatiling tahimik sa ganoong panahon, sapagkat yun ay masamang panahon" (Amos 5:13). Ang DIYOS ay nagpapayo na ang pinakamabuting gawin ay manahimik at magpatuloy na mamuhay sapagkat [sinuman ay] hindi makakapagtamo ng mabuting kahatulan mula sa mga hukom! Ang pinakamabuting gawin ay makipag-areglo sa labas ng hukuman, kung posible.
>>Habang ang lahat ng mga kabalighuang ito'y lumalaganap sa Israel, ang mga tao'y sumasamba sa DIYOS nang langkay-langkay! Mataas na porsiyento ng mga tao ang dumadalo sa mga pagsamba (*service*) at nagdiriwang ng mga kapistahan. Sila'y nagpi-*pilgrimage* sa mga sentro ng relihiyon sa Bethel, Gilgal at Beersheba kung saan ang mga tao nagdiriwang ng mga kapistahan. Ang mga komentarista [ng Bibliya] ay umaayon na ang Israel ay tila nagpapanatili pa ng ilan sa Banal na mga Araw ng DIYOS.
>>Pansinin kung anong sinasabi ng DIYOS:

"AKO'y namumuhi, AKING kinasusuklaman ang inyong pistang mga araw, at AKO'y hindi nasisiyahan sa inyong sagradong mga asembliya. Bagama't kayo'y nag-aalay sa AKIN ng sinusunog na mga alay [pagsamba] at ng inyong butil na mga alay, AKING di-tatanggapin ang mga iyon, ni AKING igagalang ang inyong pinatabang pangkapayapaang mga alay. Ilayo mula sa AKIN ang ingay ng inyong mga awit, dahil AKING di-papakinggan ang himig ng inyong binagting na mga panugtugin" (Amos 5:21-23).

>>Kinamuhian ng DIYOS ang kanilang mga kapistahan, ang kanilang mga alay at ang kanilang pag-awit sa KANYANG pangalan. Ang pagkakasalita'y nagpapahiwatig ng pagkasuka! Ikumpara ito sa Rebelasyon 3:16.
>>Pinakamahihinuha na ang Israel ay nagsanib ng pagsamba sa totoong DIYOS kasama ng pagsamba kay baal at ashtoreth at iba pang lokal na dinidiyos. Sa kabila ng kanilang pagsamba ang ganitong paghahalu-halo (*syncretism*) ay naging sanhi ng pagkakahiwalay mula sa DIYOS. Sila'y nakikihamok sa KANYA, kahit na, sa kanilang mga isip, sila'y sumasamba sa KANYA. Ang lipunan ay kaagad na lumubha sapagkat ang sa mga taong pag-ibig ay nanlamig. Ang kanilang pagsamba'y nagbunga ng di-mabuting epekto sapagkat ito'y buhat sa di-makatuwirang pinagmulan.

## Dalawang Grupo at Kumplikadong mga Tanong

>>Kapag mapapag-aralan ang Bagong Tipan,

ang padron sa kasawiang palad ay nagpapatuloy. Ang kasaysayan ng totoong Iglesya'y naging paurong-sulong sa pagiging busilak (*waxing and waning purity*) din. Sa pangkalahatan, may maiikling mga kapanahunan ng pagkaka-isa at pag-unlad na sinundan ng mas mahahabang mga kapanahunan ng di-pagkakaisa at pagka-binbin. Ang maliliit, nakakalat na mga kongregasyon ay bahagya nang napanatili ang mga sarili nilang sama-sama sa ganitong mga panahon at hindi nakapagsagawa ng aktibong gawain.

>>Ang padron ay napaka-katulad doon sa naitatag sa matandang Israel. Ang DIYOS ay nagtitindig ng isang lalaki, at siya ay mangunguna sa isang Gawain at itatatag ang magiging *orthodox*. Sa paglipas ng panahon, dalawang grupo ang lumilitaw. Ang isang grupo'y mas konserbatibo, kiling na panatilihin ang *orthodox* na doktrina at manghawakan sa kanilang mga tradisyon. Ang ibang elemento'y nagiging may maluwang na kaisipan (*broad-minded*), hndi nakatali sa *orthodox* o sa tradisyonal na mga porma.

>>Ang paglitaw ng ganitong dalawang mga grupo'y nagpapaharap sa isang Kristiyano ng kumplikadong mga tanong tulad ng, "Aking nakikita ito, pero ano ang aking gagawin?" Si KRISTO'y sumasagot: "Mag-ingat sa di-totoong mga propeta, na dumarating sa inyo sa tupang pananamit, ngunit sa kalooban sila'y gutom na mga lobo. Inyo makikilala sila sa pamamagitan ng kanilang mga bunga" (Mateo 7:15-16).

>>Yung bunga na gaya ng pagdami ng pang-mag-asawa at pang-relasyong mga problema, di-tiyak na paghatol kung ano ang tama at mali, ang kakulangan ng pagtalakay sa DIYOS at sa KANYANG Salita, pagbabale-wala sa pananalangin at pag-aaral ng Bibliya, kaluwagan upang makagawa ng epektibo at makapangyarihang gawain, at kaparehong mga saloobin ang siyang dapat na kaingatan. Sa ganoong kapaligiran, kung ang Kristiyano'y di-maingat, siya'y magkakaroon ng bumabalot at sumisikil na saloobing walang pag-iibang pumapaibabaw, na kapagkuwa'y kikitil sa kanyang espirituwal na buhay.

## Sa Bagong Tipang mga Halimbawa

>>Si Pablo'y sumusulat: "Tularan ako, kung paanong ako din ay tumutulad kay KRISTO. Ngayo'y aking pinupuri kayo, mga kapatid, na kayo'y umaalala sa akin sa lahat ng mga bagay at nagpapanatili sa mga tradisyong tulad nang aking pagkakapagdala ng mga iyon sa inyo" (I Corinto 11:1-2).

>>Ano ang sa Kristiyanong gagawin? Siya ba'y mamamalagi, nababalot na ng ganitong sumisikil na saloobing huhubog sa kanya sa ganitong hubugan? Si Pablo'y nagkaroon ng ilang paharap-tanaw (*foresight*) at nagbigay ng kasagutan sa ganitong mga katanungan. Siya'y nagsabi, na ganito ang epekto, "Sundan kung anong aking ginawa! Mangunyabit at panatilihin ang mga tradisyon, tulad nang pagkakapagdala ng mga iyon sa inyo". "Tularan ako" ay nagpapahiwatig hindi lang sa "sundan ang aking mga aksyon o ang aking mga inuugali", bagkus pati'y "sundan ang aking mga saloobin, ang aking espiritu, ang aking sigabo".

>>Ang Bagong Tipang Iglesya sa unang dantaon ay naharap sa parehong sitwasyon gaya ng makabagong Iglesya. Ang DIYOS sa pamamagitan ni HESUKRISTO'y nagsimula ng isang Iglesya na puno ng kasigabuhan. Sila'y may busilak na doktrina na kanilang tinanggap nang tuwiran mula kay HESUKRISTO, bagama't sila'y di-nagkaroon nito nang buung-buo. SIYA'y nagsabi, "kung kailan… ang Espiritu ng katotohanan ay dumating, [ito'y] mag-aakay sa inyo sa lahat ng katotohanan" (Juan 16:13). Higit pa ang darating. Ang doktrinang ibinigay sa pamamagitan ng mga apostol, noon, ang nagtakda kung ano ang *orthodox* , na siyang batayan ng sa mga Kristiyanong pamumuhay.

>>Si Pablo'y kinailangang sabihin sa Corintong kongregasyon, "Hala kayo, sundan ako!" Ang I at II Corinto ay batbat ng mga babala tungkol sa di-totoong mga propeta, na palihim nang pumapasok sa katawan ni KRISTO noong *A.D*. 50. Sila'y nagsimula nang ipihit ang marami, palayo mula sa mga doktrinang ibinigay ni KRISTO sa pamamagitan ng mga apostol. Ang kanilang mga motibo'y maaaring sinsero, subalit sila gayunpaman ay mali. Ang mga apostol ay nakakakita ng epekto ng kung anong nangyayari sa kongregasyon. Ang I Corinto ay tumutungkol sa isang Iglesyang nagiging lito at hati-hati sa pandoktrinang mga isyu at imoralidad.

>>Sa mas bandang huli --- sa pagitan ng *A.D.* 90 at 100 --- si Juan ay sumulat:

"Iyong mula pa sa simula, na aming narinig, na aming nakita ng sarili naming mga mata, na aming natunghayan, na ang aming mga kamay ay nahawakan, tungkol sa Salita ng buhay --- ang buhay ay naipamalas, at aming nakita, at sinasaksihan, at ipinapahayag sa inyo yung walang hanggang buhay na kasama ng AMA at naipamalas sa amin --- yung aming nakita at narinig ay aming ipinapahayag sa inyo, nang kayo rin ay magkaroon ng pakikipag-samahang kasama kami; at totoong sa ating samaha'y kasama ang AMA at ang KANYANG ANAK na si HESUKRISTO. At ang ganitong mga bagay ay aming isinusulat sa inyo nang ang inyong katuwaan ay maging ganap. Ito ang mensaheng aming narinig mula sa KANYA at ipinapahayag sa inyo, na ang DIYOS ay liwanag at sa KANYA ay walang kadiliman bahagya man" (I Juan 1:1-5).

>>Bakit ba si Juan ay nagsimula ng kanyang liham sa ganitong paraan? Siya'y nagpapatibay ng kanyang awtoridad na ipangaral ang totoong ebanghelyo sapagkat may ilang nagmamaliit sa mensaheng kanyang sinabing kanyang narinig mula kay HESUKRISTO. Ang di-totoong mga nagtuturo'y nagmamaliit sa kanyang mensahe bilang napaka-konserbatibo, *orthodox*, at ang ilan pa'y nagsabing talagang mali. Ang kanyang depensa ay yung siya'y personal na nakakita, nakarinig at nakasalat kay KRISTO nang SIYA ay narito pa sa daigdig, at sa halos pitumpung taon pagkaraan noon siya ay nagpatuloy sa samahang kasama SIYA sa pamamagitan ng panalangin, pag-aaral at pagsunod! Habang siya'y sumusulat, ang kanyang mga manunuligsa'y itinuturing siya na isang ulyanin, bugnuting matandang nakatingin sa buhay sa pamamagitan ng 100-taong gulang na mga mata. Ang sa taong kalikasa'y di-kailanman nagbabago. Si satanas ay di-kailanman nagbabago. Pinakamahalaga, ang DIYOS ay di-kailanman binabago yung mga bagay na basal sa KANYANG layunin! Nakakaalam sa ganito, si Juan ay nakakapag-salitang kasama ang makapangyarihang awtoridad.

>>Si Hud ay sumulat nang mas maaga kesa kay Juan, ngunit ang sitwasyon ay patuloy na umaayon sa padron ng kabuuan ng Bibliya. Ang kalituhan, na sa kalakha'y ukol sa doktrina, ay umiral sa marami sa huling unang dantaong mga iglesya. Si Hud ay nag-aalala sapagkat ang doktrina, ang sa Iglesyang itinuturo, ang nagpapasya kung magiging ano ang Kristiyano. Siya'y sumusulat:

"Mga minamahal, habang ako'y napakasigasig na sumulat sa inyo tungkol sa ating magkatulad na kaligtasan, aking kinailangang sumulat sa inyo ng paghimok sa inyo na ipakipagtagisan [ilaban!] nang maigting ang pananampalatayang minsan nang naibigay sa mga santo. Sapagkat may tiyak na mga taong umusad nang di-namamalayan, na noon pang una'y markado na para sa ganitong kondemnasyon, di-maka-DIYOS na mga tao, na nagbabaling sa pagpapala ng ating DIYOS papunta sa kamalisyaan at itinatatwa ang tanging PANGINOONG DIYOS at ang ating PANGINOONG HESUKRISTO" (Hud 3-4).

>>Si Hud ay nagsasabing, "Lumaban para sa pananampalataya, ang katawan ng totoong doktrina!" Kung ang isa'y namamalaging nababalot ng di-katotohanan, laluna sa pinakapook na kung saan siya'y umaasang makatanggap ng pagkabusilak, siya ba'y makakalaban o makakapanagumpay? Ang ilan ay maaari, ngunit ang karamiha'y hindi. Kaya naman, ang Bibliya'y nanawagang madalas na ang mga Kristiyano'y magsilabas. Karamiha'y naghihimaton ng pagtakas sa mundo, ngunit ang ila'y may kalahok na pagtakas sa paniniil. Ang isa'y di-kailangang tumayo lang at tanggapin ito. Ang Bibliya'y nagsasabing, "Lumabas, tumakas na patungo sa isang ligtas na pook o mapapag-kanlungan hanggang sa ang pananalakay ay makalampas".

## Si Pablo'y Binabalaan si Timoteo

>>Si Pablo'y sumulat ng parehong mga babala sa batang ebanghelistang si Timoteo sa isa niyang pangwakas na mga liham. Kapwa ang mga liham kay Timoteo'y naglalaman ng mga pasanggi (*allusions*) ukol sa di-totoong mga tagapagturo at ang wastong reaksyon sa mga iyon. "Kung sinuma'y nagtuturo ng naiiba at di-

pumapayag sa maayos na mga salita, pati na sa mga salita ng ating PANGINOONG HESUKRISTO, at sa doktrinang naaayon sa pagkamaka-DIYOS, siya'y palalo, walang nalalaman, bagkus ay nahahaling na kasama ng mga sigalot at mga pagtatalo sa mga salita, na pinagmumulan ng inggit, away, alipustaan, masamang mga paghihinala, walang kapararakang paghihimayan ng mga taong may bulok na mga kaisipan at salat sa katotohanan, na nag-aakalang ang pagkamaka-DIYOS ay isang paraan upang magkapakinabang. Mula sa ganoo'y ilayo ang iyong sarili" (I Timoteo 6:3-5). Si Pablo'y nagsasabing, "Umalis!"
>>Ang kanyang pag-aalala ay para doon sa mga napapaharap sa di-totoong mga doktrina. Kanyang hinihimok silang lumapit sa "mapagbuong mga pananalita" o *wholesome words* (berso 3). "Mapagbuo" o *wholesome* ay literal na nangangahulugang "malusog", salitang nakakapagdulot ng kalusugan. Sa konteksto ng pagkain ang isa'y makakapagsabing, "pangkalusugang pagkain" (*health food*). Si Pablo'y nagsasabing, "kainin ang mabuting pagkain, hindi yung basura"! Kapareho itong nailalapat sa espirituwal: sa kaisipan, ang Kristiyano'y kailangang kumain ng pampalusog na mga salita sa ikapagtatamo ng espirituwal na kalusugan.
>>Saka niya inilalarawan ang di-totoong mga tagapagturo: sila'y (*conceited*), may di-natural na paghahangad na makipagdebate, at makipagtalong walang hinto tungkol sa mga salita. Sila'y mga theorista (*theorists*) na nagsasayang ng panahon sa walang kahihinatnang pang-akademikong sigalutan o mga ehersisyo sa semantiko (*semantics*). Ang DIYOS ay nagtatagubilin na ang ganitong mga katangia'y hindi tanda ng mabuting espirituwal na kalusugan. Lumalabas sa ganitong uri ng pag-iisip ang inggit, mapang-abusong pananalita, masamang mga paghihinala, palagiang pananagi at gusamot na ideya na ang pagkamaka-DIYOS ay isang paraan ng pinansyal na pakinabang (berso 4-5).

"Subalit ikaw, o tao ng DIYOS, takasan ang ganitong mga bagay at habulin ang pagkamakatuwiran, pagkamaka-DIYOS, pananampalataya, pag-ibig, pagkamatiyaga [pagkamapagbata], kaamuan. Ipaglaban ang mabuting laban ng pananampalataya [alalahanin ang Hud 3], tanganan ang walang hanggang buhay, na para doon ikaw rin ay tinawag at nakapangumpisal ng mabuting pangungumpisal sa harap ng maraming mga saksi" (I Timoteo 6:11-12)

>>Tumakas na mula sa ganitong walang kapararakang mga pagtatalo at mga saloobin! Magpursigi para sa pagkamakatuwiran! Ang Griyego'y literal na nababasang, "paghirapan ang mabuting paghihirap" sa pagdaraan sa mga pakikipagtagisang kasali sa isang Kristiyanong buhay (berso 12).
>>"O Timoteo! Bantayan kung anong naipagkatiwala sa iyo [yung mapagbuong mga salita], iniiwasan ang busong at walang kapararakang mga ungulan at mga kontrahan ng tinatawag ngunit di-totoong kaalaman --- na sa pagpapahayag nito, ang ilan ay naligaw tungkol sa pananampalataya" (I Timoteo 6:20-21). Kanyang sinasabing, "Bantayan ang deposito", na siyang "kung anong naipagkatiwala sa iyo" ang literal na ibig sabihin, parang sa pagdedeposito sa bangko. Bantayan ang deposito, ang maayos na doktrina, ang rebelasyon ni HESUKRISTO! Kay Pablong tinatawag yung dapat niyang iwasan na "walang DIYOS na mga satsatan", o ayon sa pagkasalin dito'y "busong at walang kapararakang mga ungulan". "Kontrahan" ay yung sa Griyego'y *antithesis*, isang karibal na theoriya, katunayan, o konsepto. Ang kay Pablong pakahulugan, sabihin pa, ay yung mga karibal na argumento ng totoong doktrina.
>>Ang II Timoteo, na huling aklat na sa apostol Pablong sinulat bago siya naging martir, ay naglalaman ng katangi-tanging mga kahalintulad (*parallels*) sa sitwasyon ng Iglesya ngayon. Si Pablo'y maraming mga bagay na sasabihin kay Timoteo, na siya niyang pinagkatiwalaan ng pangangaral ng ebanghelyo.

"Hawakang mahigpit ang padron ng maayos na mga pananalita [mapagbuo, gaya ng nasa I Timoteo 6:3] na iyong narinig mula sa akin, sa pananampalataya at pag-ibig na na kay KRISTO HESUS. Yung mabuting [o " magandang"] bagay na naipagkatiwala sa iyo [ang deposito], ingatan [bantayan, pangalagaan, hawakang mahigpit] sa pamamagitan ng Banal

na Espiritung nananahanan sa atin" (II Timoteo 1:13-14).

>>Kanyang sinabi kay Timoteo --- at sa bawa't Kristiyano --- na humawak sa mga pamantayang ibinigay ng apostol sa kanya. At, kanyang sinasabing, ang paraan lang upang mapanatili ang doktrina ay sa pagsasabuhay nito at pagpo-proklama nitong kasama ng pananampalataya at pag-ibig. S Pablo'y nag-aalala, hindi lang tungkol sa katotohanan, kundi pati na rin kung paano ito mapapag-ingatan, sa pananampalataya at pag-ibig. Tungkol sa pagpapanatili sa deposito sa kaparaanan ng Banal na Espiritu ng DIYOS, ang *Expositor's Bible Commentary* ay nagsasaad [salin sa Filipino], "Nasabi nang mabuti na ang Banal na Espiritu ay siyang magaling na Tagapagpanatili ng *orthodoxy*" (vol. 11, p. 397). Sa ibang salita, ang taong inaakay ng at gumagamit sa espiritu ng DIYOS ay hindi lilihis na palayo mula sa mga itinurong naibigay ng mga apostol.

## Ang Pang-indibidwal na Desisyon

>>Ang kasaysayan ng Israel at ng Iglesya'y nagpapakita ng malinaw at madalas maulit na padron: Ang DIYOS ay tumatawag ng taong magpapanumbalik sa KANYANG katotohanan, sa KANYANG layunin at mga doktrinang kailangan upang tumugma sa ganoong layunin. Ang ganitong muling pagsasabuhay ay tumatagal nang may isang henerasyon. Saka ang dahan-dahang paglinsay papunta sa mga doktrina't landasing mula doo'y tinawag ng DIYOS ang KANYANG mga tao, ay masisimulan. Ang kalituha'y lilitaw, ang mga pamantaya'y magiging malabo at ang mga paghatol ay magiging paiba-iba. Ang mga tao'y nagtatanong, "Anong dapat naming gawin"? Sa kasawiampalad, ang karamihan ay magpapasiyang si KRISTO'y may gagawin.
>>Ngunit si KRISTO'y may naisagawa na! KANYA nang sinabi sa atin sa KANYANG Salita! Ang padron ay nakatala mula pa sa pinakasimula! Ang lahat ng mga halimbawa'y ipinapakita upang tagubilinan ang sa DIYOS na mga tao tungkol sa kaligtasan, at upang babalaan sila na asahang ganoon ang mga bagay na mangyayari. Dagdag pa, ang KANYANG mga tao'y nakakaunawa, bagama't di-lubusan, sa panghuling panahon at sa ilang hinulaang mga pangyayari.
>>"Masdan, AKO'y nakatayo na sa may pintuan at kumakatok [si KRISTO'y nasa labas, nakatingin sa loob]. Kung sinuma'y nakakarinig sa AKING tinig at nagbubukas ng pinto, AKO'y tutuloy sa kanya at kakaing kasama siya [naghihimaton ng pakikipagsamahan], at siya'y kasama AKO" (Rebelasyon 3:20). SIYA ay naghihintay sa indibidwal na pagtalima! KANYA nang naipakita sa KANYANG salita kung ano ang KANYANG gagawin. KANYANG hahayaan ang KANYANG Iglesyang magpasiya hanggang KANYANG desisyunan sa KANYANG pagkamaawain ang isang bago't muling pagsasabuhay. KANYA nang naipakita ang padron. SIYA'y umaapela sa mga indibidwal na gumawa ng pagpili upang sumunod sa KANYA.

"Masdan, AKO'y darating na madali! Hawakang mahigpit anumang kayo'y meron, nang walang sinumang makakuha ng inyong korona" (Rebelasyon 3:11). SIYA'y nagsasalita tungkol sa pagpapasakop at pagsunod sa KANYA, tulad ng pagbabantay sa mabuting deposito.

>>Si KRISTO'y dinadala ang ganitong tema hanggang sa dulo ng Bibliya.

"Sapagkat AKO'y sumasaksi sa bawa't isang nakikinig sa mga salita ng paghulang narito sa aklat: Kung sinuman ay magdaragdag sa naritong mga bagay, ang DIYOS ay magdaragdag din sa kanya ng mga salot na nakasulat dito sa aklat; at kung sinuman ay mag-aalis na palayo mula sa mga salita ng aklat ng ganitong paghula, ang DIYOS ay mag-aalis ding palayo ng kanyang bahagi mula sa Aklat ng Buhay, mula sa banal na siyudad, at mula sa mga bagay na nakasulat dito sa aklat" (Rebelasyon 22:18-19).

>>Bagama't ang mga salitang ito'y naisulat na ispesipikong tungkol sa aklat ng Rebelasyon, ang prinsipyo ay makabuluhan sa liwanag ng sa ngayong Iglesya. Kay KRISTONG ipinag-aalala sa pinakahuli na yung KANYANG mga tao'y huwag sanang lilinsay mula sa anumang nakasulat sa aklat. Upang manatili sa

KANYANG pag-iingat, ang Kristiyano'y marapat na magpasakop sa KANYA, sumasamba sa KANYA sa bawat aspeto ng buhay, nagpapatuloy ng pag-unlad sa pang-Kristiyanong kalayaan, di-nababalot ng saloobin na maaaring mapatunayang pang-espirituwal na nakamamatay.[]